

MULA SA MGA  
DOKTRINA NG SHIA

*Isinulat ni:*

Abdullah bin Muhammad As-Salafi  
(*patawarin nawa siya ng Allah at kanyang mga magulang at  
lahat ng mga Muslim*)

*Isinalin sa Tagalog ni:*

Ust. Salamodin Doton Kasim

Sinuri ni:

Ust. **Abdul**rasid Angeles

PAGHAHANDOG NG DAKILANG PANTAS NA  
SI SHIEKH ABDULAZIZ BIN ABDULLAH BIN  
BAZ –kalugdan nawa ng Allah-

*Pangkalahatang Pangulo ng Tanggapan ng pang-kaalamang  
pagsasaliksik at pagbibigay ng kasagutan  
At Pangulo ng samahan ng mga Pantas sa Kaharian ng Saudi  
Arabia*

Sa Ngalan ng Allah, Ang Pinakamahabagin, Ang  
Pinakamaawain

Mula kay Abdulaziz bin Abdullah bin Baz para sa mahal na  
kapatid na... pagtagumpayin nawa siya ng Allah

*Ang Kapayapaan ay sumainyo at ang habag ng Allah at  
kanyang mga biyaya; at pagkatapos:*

Aking tinutukoy ang iyong sulat sa akin na may petsang: 10/  
2 / 1418 H, kalakip ang iyong aklat na tungkol sa " SHIA",  
tunay na aming nabasa at natuklasan namin na isang  
magandang aklat at mahalaga, naaangkop ang  
pagpapalaganap nito ayon sa paraang iyong nakikita para sa  
pamamahagi nito sa Kaharian at Gulf, at ipinapanalangin ko  
sa Allah- Ang Kataas-taasan- na gawin itong kapaki-  
pakinabang at pagpalain ang inyong mga pagsisikap.

*Ang Kapayapaan ay sumainyo at ang habag ng Allah at kanyang mga biyaya*

Pangkalahatang Mufti ng Kaharian ng Saudi Arabia  
At Pangulo ng samahan ng mga Pantas sa Kaharian  
ng Saudi Arabia

## PANIMULA

Ang lahat ng papuri ay ukol lamang sa Nag-iisang Allah, At nawa'y ang pagpapala at kapayapaan ay maitampok sa Sugo ng Allah, gayundin sa kanyang pamilya, kasamahan at Kanyang pinagpala nang maraming pagpapala.

Tunay na ang dahilan ng pagsulat ng mensahing ito ay ang napansing lumalalang aktibidad ng RAFIDA para sa panghihikayat tungo sa kanilang paniniwala sa mga huling panahon sa buong mundo, at ang anumang panganib ng grupong salanggapang na ito sa pananampalatayang ISLAM, at ang kapabayaang (kawalan ng sapat na kaalaman) narin ng maraming ordinaryong muslim tungkol sa panganib ng grupong ito, at ang anumang napapaloob sa kanilang paniniwala mula sa SHIRK (pagtatambal) at pagpipintas sa banal na Qur'an at mga kasamahan ng Propeta- sumakanila nawa ang habag ng Allah- at labis na pagdakila sa mga IMAM. Tunay na ako'y nagpasyang isulat ang mensahing ito at pagsagot sa mga nakakalito tungkol sa usaping ito sa paraang maikli bilang pagsunod sa yapak ng ating butihing pantas na si SHIEKH ABDULLAH BIN

ABDURRAHMAN AL-JIBREEN- Pangalagaan nawa siya ng Allah- sa kanyang aklat na " MGA KOMENTARYO SA AKLAT NA LAM'ATUL I'TIQAAD", at bilang pagkopya mula sa mga kilala at tanyag na aklat ng RAFIDA sa kanila at hango sa mga aklat ng AHLUS SUNNAH mula sa mga una at huling pantas na sumagot laban sa kanila at nagpahayag ng kasiraan ng kanilang lihis na paniniwala na nababatay sa SHIRK (pagtatambal) , pagmamalabis, pagsisinungaling, pang-aalipusta, panlalait, paninirang-puri at pagdusta.

Tunay na aking sinikap sa maikli at mapagkumbabang mensahing ito ang pagkundina sa kanila sa pamamagitan ng kanilang mga aklat at akda na mapapanaligan sa kanilang paniniwala tulad ng sinabi ni SHIEKH IBRAHIM BIN SULAYMAN AL-JABHAN- kalugdan nawa siya ng Allah-:"Mula sa iyong bibig, kundinahin kita oh shia".

Bilang pagtatapos, idinadasal ko sa Panginoon (Tagapangalaga)- Ang Kataas-taasan- na ito'y magdulot ng pakinabang sa mga taong may mga paningin tulad ng sinabi ng Allah: (( Katotohanang naririto ang isang tiyak na paalala sa sinuman na may puso at pang-unawa o siya na dumirinig at isang saksi)).[Qaf:37].

At ako ay nagpapasalamat sa lahat ng sinumang aking nakasamang nakibahagi sa pagpapalabas ng munting aklat na ito at hinihiling ko sa Allah na gantimpalaan sila sa Gawain nilang ito nang mabuting gantimpala, ang Allah ang

Nakaaalam at nawa'y itampok ng Allah ang pagpapala at kapayapaan sa ating mahal na Propeta Mohammad (SAW), gayundin sa kanyang pamilya at kasamahan.

Isinulat ni:

*ABDULLAH BIN MUHAMMAD AS-SALAFI*

KAILAN LUMITAW ANG SEKTA NG RAFIDA?

Nagsimula ang grupo ng RAFIDA nang lumitaw ang isang lalaking hudyo na ang pangalan ay " ABDULLAH BIN SABA" nag-aangkin ng pagkamuslim, nag-aangkin ng pagmamahal sa AHLUL BAYT (mag-anak ng Propeta (SAW)), labis na dinakila si Ali-kalugdan nawa ng Allah-, inangkin para sa kanya ang bilin ng pagka KHALIFA at pagkatapos ay itinaas sa antas ng pagkadiyos at iyan ang inaamin mismo ng mga aklat ng SHIA.

Si Al-Qummi sa kanyang aklat na " ALMAQALAT WAL FIRAQ"<sup>1</sup>: kanyang pinagtibay ang kanyang presensiya (Abdullah bin Saba) at itinuturing na pinakaunang nagsabi ng pagsasatagubilin ng pagka-imam ni Ali at ang kanyang pagbabalik, nagpamalas ng panlalait kay Abu Bak'r, Umar,Uthman at sa mga nalalabi pang mga SAHABA (kasamahan ng propeta (SAW)). Gaya ng sinabi ni An-Nubakhati sa aklat niyang (FIRAQUS SHIA)<sup>2</sup>. At gaya rin ng sinabi ni AL-KASSHI sa kanyang kilalang aklat na " RIJAL AL-KASSHI"<sup>3</sup>. At kabilang sa mga kapanahong Shia na nagsasabi ng presensiya ni Abdullah bin Saba ay si Muhammad Ali Al-Mu'allim sa kanyang aklat na "

---

<sup>1</sup> Tingnan ang: AL-MAQALAT WAL FIRAQ NI Al-Qummi (pahina: 10-21)

<sup>2</sup> Tingnan ang: FIRAQUS SHIA ni An-Nubkhati (Pahina: 19-20)

<sup>3</sup> Tingnan ang: ang siyang nabanggit ni Al-Kasshi sa iba't-ibang ulat mula kay Ibn Saba at kanyang mga doktrina, at tingnan ang bilang: 170,171,172,173,174, mula sa pahina: 106-108

ABDULLAH BIN SABA LINGID NA KATOTOHANAN"<sup>4</sup>. Ang pag-amin ay pinuno ng mga katibayan, at silang lahat ay kabilang sa mga mataas na pantas ng RAFIDA.

Sinabi ni Al-Bagdadi:" Ang As-Sabaiyah ay mga tagasunod ni Abdullah bin Saba na siyang nagmalabis sa pagdakila kay Ali- kalugdan nawa siya ng Allah- at inangkin na siya noon ay isang Propeta at pagkatapos ay umabot ang kanyang pagmamalabis sa pag-aangking katotohanang siya (ALI) ang Allah".

At sinabi rin ni Al-Bagdadi:"Si Ibn As-Sawda- O Ibn Saba - na hudyong pinagmulan, mula sa Hirah ( Bayan sa bahaging Timog ng Iraq ), ipinakita ang pagkamuslim at nais na magkaroon ng lakas at pamumuno sa mga taga Kufa', binanggit sa kanila na kanyang natagpuan sa Torah na katotohanang lahat ng Propeta ay may susunod na katiwala at tunay na si Ali (RA) ay susunod kay Propeta Mohammad (SAW)bilang katiwala.

Binanggit ni As-Shahristani buhat kay Ibn Saba' na katotohanang siya ang kauna-unahang nagsabi na may tekstong nakasulat tungkol sa pagiging Imam ni Ali (RA), at sinabing ang Sabaiyah ang siyang kauna-unahang sekta na

---

<sup>4</sup> Ang aklat na ito ay bilang tugon laban sa aklat na isinulat ng isang Shia na tinatawag na: Murtada Al-Askari na pinamagatang: ((Abdullah bin Saba wa Asatir Ukhrah)), na itinakwil sa aklat na ito ang pagkatao ni Abdullag bin Saba.



nagsabi tungkol sa pagkawala at muling pagbabalik (ni Ali) at pagkatapos ay namana ito ng Shia sa bandang huli -sa kabila ng kanilang pagkakaiba at pagkakawatak-watak ng mga sekta- ang pagsasabi ng may tekstong nakasulat at habilin sa pagiging Imam at Khalifa ni Ali (RA) at ito'y kabilang sa mga naiwang turo ni Ibn Saba'. At pagkatapos nito'y dumami ang mga sekta at pahayag ng Shia na umabot ng dose-dosenang sekta at pahayag.

At ganyan inimbento ng Shia ang pahayag tungkol sa habilin (kay ALI), pagkawala at muling pagbabalik bagkus pati narin ang pahayag tungkol sa pagkadiyos ng mga Imam bilang pagsunod sa yapak ng Hudiyong si Ibn Saba<sup>5</sup>.

\*\*\*

## BAKIT TINAWAG ANG SHIA NA RAFIDA?

---

<sup>5</sup> Usool I'tiqad Ahlus Sunnah wal Jama'ah ni: Al-Ialka'ie (1/ 22-23)

Ang katawagang ito ay nabanggit ng kanilang pantas ni si Al-Majlisi sa kanyang aklat na "BIHARUL ANWAR", kanyang sinabi sa pamagat na (ANG KAHIGITAN NG RAFIDA AT PAPURI SA KATAWAGANG NITO)at kanyang nabanggit buhat kay Sulayman Al-A'mash kanyang sinabi: Ako ay pumasok kay Abu Abdullah Ja'afar bin Mohammad, aking sinabi: Sa aking sakripisyo tungo sayo! Katotohanan, ang mga tao ay tinawag tayong RAWAFID, ano бага ang Rawafid? Siya (Abu Abdullah) ay nagsabi: Sumpa man sa Allah! Hindi sila ang tumawag sa inyo bagkus ang Allah ang Siyang nagbigay sa inyo ng pangalang ito sa Torah at Ibanghelyo sa pamamagitan ng dila ni Moises at Hesus<sup>6</sup>.

May nakapagsabing na: tinawag silang Rafida sapagkat dumating sila kay Zayd bin Ali bin Al-Hussien at sinabi nila: kumalas ka mula kay Abu Bak'r at Omar upang kami ay sasama sa iyo, kanyang sinabi: Silang dalawa ay kasamahan ng aking lolo, bagkos mamahalin ko silang dalawa, kanilang sinabi: Kung ganun, ikaw ay aming tatanggihan kaya't sila'y tinawag na Rafida, tinawag naman

---

<sup>6</sup> Tingnan ang aklat na: (Biharul Anwar) ni Al-Majlisi 65/ 97. (at siya ay isa sa kanilang huling sanggunian)

ang sinumang sumanib at sumang-ayon kay Zayd ng ZAYDIYAH<sup>7</sup>.

Mayroong nakapagsabi na tinawag silang Rafida dahil sa kanilang pagtakwil sa pamumuno ni Abu Bak'r at Omar<sup>8</sup>. At mayroong nagsabing: tinawag sila sa katawagang ito dahil sa kanilang pagtakwil sa relihiyon<sup>9</sup>.

\*\*\*

---

<sup>7</sup> Mga komentaryo sa lupon ng LAM'ATUL I'TIQAD ng ating pantas na Shiekh Abdullah Al-Jibreen-pangalagaan nawa siya ng Allah-(pahina: 108)

<sup>8</sup> Tingnan ang: Hamish Maqalat Al-islamiyeen ni Muhiddin Abdulhamid (1/ 89)

<sup>9</sup> Maqalat Al-Islamiyeen (1/89)

HANGGANG ILAN NAHAHATI ANG SEKTA NG  
MGA RAFIDA?

Nakasaad sa aklat na (da-iratul Ma'arif), katotohanan (( lumitaw mula sa mga sangay ng mga sekta ng shia ang mas mahigit ng pitumpu't tatlong tanyag na sekta<sup>10</sup>)). Bagkos naiulat mula sa isang rafidi na si Mir Baqir Ad-Damad<sup>11</sup>:" katotohanan! Ang lahat ng sektang nabanggit sa hadith, Hadith ng pagkawatak-watak ng Ummah sa pitumpu't tatlong sekta ay siya ang sekta ng Shia at ang ligtas sa kanila ay sekta ng Imamiyah.

Binanggit ni Al-Maqrezi na umabot ang kanilang sekta ng (300) sekta<sup>12</sup>.

Sinabi ni As-Shah'ristani: (( Katotohanan! Ang Rafida ay nahati sa limang uri:" AL'KISANIYAH, ZAYDIYAH, IMAMIYAH, AL-GALIYAH at ISMAILIYAH"))<sup>13</sup>.

Sinabi ni Al-Bagdadi:" Tunay na ang rafida pagkatapos ng panahon ni ALI (RA) ay apat na uri:" ZAIDIYAH,

---

<sup>10</sup> Dairatul Maarif (4/ 67)

<sup>11</sup> Siya si Baqir bin Muhammad Al-istrabadi na kilala bilang Al-Mir Ad-Damad, namatay noong taong 1041. Tingan ang kanyang pagkakilanlan sa aklat na ( Al-Kuna wal Al-Qab) ni Abbas Al-Qummi (2/ 226)

<sup>12</sup> Siya si Al-maqrezi sa Al-Khutut (2/ 351)

<sup>13</sup> Al-Milal Wan-Nihal ni Shah'ristani (pahina: 147)

IMAMIYAH, KISANIYAH at GULAT<sup>14</sup>, may kasamang papuna na ang Zaidiyah ay hindi kabilang sa sekta ng Rawafid maliban sa grupo ng AL-JAROUDIYAH.

\*\*\*

---

<sup>14</sup> Al-Farq binal Firaq ni Al-Bagdadi (pahina: 41)

## ANO ANG DOKTRINA NG "AL-BADA" NA SIYANG PINANINIWALAAN NG MGA RAFIDA?

Ang "Al-bada" ay nangangahulugan ng paglitaw pagkatapos ng pagkalingid, o nangangahulugan ng paglitaw ng bagong opinion at ang AL-BADA sa dalawa nitong kahulogan ay nangangailangan ng unang kawalan ng kaalaman at pagkakaroon ng kaalaman, ang dalawang ito ay parehong imposible sa Allah ngunit ang mga Rafidah ay inuugnay ang Al-Bada sa Allah.

Ulat mula kay Ar-Rayyan bin As-Salit na nagsabi: ((Narinig ko si Ar-Rida na kanyang sinasabi: ((Hindi nagpadala ang Allah ng Propeta kundi para sa pagbabawal ng alak at pagsang-ayon (paniniwala) sa Al-Bada))<sup>15</sup>. At buhat kay Abu Abdullah tunay na kanyang sinabi: ((Hindi nasamba ang Allah sa pamamagitan ng isang bagay na tulad ng Al-Bada))<sup>16</sup>. Kataas-taasan ang Allah mula rito.

Pagmasdan mo aking kapatid na Muslim kung papaano nila inuugnay ang kamangmangan sa Tagapangasiwa (Allah)- Ang Maluwalhati- Ang Kataas-taasan- na Siyang

---

<sup>15</sup> Usool Al-Kafi (Pahina 40)

<sup>16</sup> Usool Al-Kafi ni Al-Kulaini sa Aklat na Tawheed (1/ 331)

nagsabi tungkol sa kanyang sarili- Ang Kataas-taasan-: ((Sabihin mo (O Muhammad) walang sinuman sa mga kalangitan at kalupaan ang nakaalam ng lingid maliban sa Allah...))[*An-Naml:65*] at sa kabila nito, naniniwala parin ang mga Rafidah na katotohanan ang mga Imam ay nalalaman ang lahat ng kaalaman at walang nakakubli sa kanila na anumang lingid.

Ito ba ang doktrina (paniniwala) ng Islam na siyang dala ni Muhammad ( SAW )?!

\*\*\*

## ANO ANG DOKTRINA NG RAFIDAH SA MGA KATANGIAN (NG ALLAH)?

Ang mga Rafidah ay sila ang pinaka-unang nagpahayag na mayroong katawan ang Allah. Tunay na tiniyak ni Shiekhul Islam Ibn Taimiyah at itinuro na ang gumawa ng malaking kasinungalingang ito mula sa mga Rawafid ay sina Hisham bin Al-Hakam<sup>17</sup>, Hisham bin Salim Al-jawaliqi, Yunos bin Abdurrahman Al-Qummi at Abu Jaafar Al-Ahwal<sup>18</sup>.

Lahat ng nabanggit ay kabilang sa mga malalaking pantas ng Ithna Ashariyah at pagkatapos, sila'y naging Jahmiyah Muattila tulad ng paglalarawan ng kanilang mga akda tungkol sa katangian ng Panginoon ng lahat ng nilikha (Allah) ng mga negatibong katangian na kanilang ibinilang bilang tiyak na katangian ng Panginoon-Ang Maluwalhati-katotohanan, Isinalaysay ni Ibn Babawayh ay mahigit pitumpong ulat na nagsasabi na ang Allah- Ang Kataas-taasan-ay: ((Hindi mailarawan sa pamamagitan ng panahon at hindi rin lugar, anyo, galaw, paglipat at walang anumang bagay mula sa mga katangian ng mga katawan, hindi

---

<sup>17</sup> Minhajus Sunnah (1/ 20) ni Shiekhul Islam Ibn Taimiyah

<sup>18</sup> Mga paniniwala ng mga pangkat ng mga Muslim at mga Mushrik (Pahina: 97)



mararamdaman, hindi nangangatawan at hindi larawan<sup>19</sup>). Kaya tinahak ng kanilang mga matataas na pantas ang ligaw na landas na ito kasama ang pagtatakwil sa mga katangiang nakasulat sa Qur'an at Sunnah.

Tulad ng kanilang pagtangi (hindi paniniwala) sa pagbaba ng Allah- Ang Kataas-taasan- at sinasabi nila na nilikha ang Qur'an at hindi sila naniniwala na makikita ang Allah sa kabilang buhay, nakasulat sa aklat na (Biharul Anwar) katotohanang si Abu Abdullah Ja'afar As-Sadiq ay tinanong tungkol sa Allah- Ang Kataas-taasan-:" Makikita ba siya sa araw ng muling pagkabuhay? Kanyang sinabi: Kaluwalhatian sa Allah- Ang Kataas-taasan-, katotohanan ang mga paningin ay hindi nito Siya aabutan maliban sa anumang may kulay at anyo at ang Allah ang Siyang lumikha sa mga kulay at anyo<sup>20</sup>).

Bagkus, sinabi nila: kung nauugnay sa Allah ang iilang katangian tulad ng pagkasaksi (pagkakita) sa Allah ay hahatulan ng pagtalikod sa Islam (ang sinumang nag-uugnay nito sa Allah) gaya ng naiulat buhat sa kanilang pantas na si Ja'afar An-Najfi<sup>21</sup>, sa kabila ng katotohanan na ang pagkakita sa Allah ay tiyak na katotohanang nakasaad sa Qur'an at Sunnah (Hadith) nang walang pangkalahatang paningin at (hindi alam kung)

<sup>19</sup> Ang Tawheed ni Ibn Babawayh (Pahina: 57)

<sup>20</sup> Tingnan ang aklat na (Biharul Anwar) ni AL-Majlisi 4/ 31

<sup>21</sup> Tingnan ang aklat na (Kashful Gita), Pahina: 417

paano. Tulad ng sinabi ng Allah : ((ang mga mukha ng mga masasayang tao sa araw ng muling pagkabuhay ay nagniningning at nagliliwanag sa kagalakan, na nakikita niya ang Tagapaglikha at nagmamay-ari sa kanya, na siya ay lubos na naliligayahan sa pangyayaring ito<sup>22</sup>)).

At mula sa Hadith ay nakasaad sa Sahih Al-Bukhari at Muslim mula sa Hadith ni Jarir bin Abdullah Al-Bajali na nagsabi: ((Kami noon ay nakaupo kasama ang Propeta (SAW) at tumungin (siya) sa buwan sa gabi ng ika-labing apat at kanyang sinabi:" Katotohanan, makikita ninyo ang inyong Panginoon (sa pamamagitan) ng inyong mga mata gaya ng inyong pagkasaksi nito (buwan) nang walang kahirap-hirap (o hindi kayo mag-uunahan) sa inyong pagtitig sa Kanya<sup>23</sup>)). At ang mga taludtod at hadith tungkol dito ay napakarami na hindi na natin kayang banggitin<sup>24</sup>.

\*\*\*

---

<sup>22</sup> Kabanata: [Al-Qiyamah: 22-23]

<sup>23</sup> Al-Bukhari (544) at Muslim (633)

<sup>24</sup> Tingnan ang mga akda ng Ahlus Sunnah wal Jama'ah sa pagpapatunay na makikita ang Allah tulad ng aklat na: (Ar-Ru'yah) ni Ad-Darqutni at aklat ni Imam Al-Lalkaie at iba pang mga akda.

ANO ANG PANINIWALA NG RAFIDA SA BANAL  
NA QUR'AN NA NASA MGA KAMAY NATIN NA  
IPINANGAKO NG ALLAH ANG  
PANGANGALAGA DITO?

Katotohanan ang Rafidah na tinatawag na (SHIA) sa panahon natin ngayon ay nagsasabing tunay na ang Qur'an na nasa atin ay hindi siya ang ibinaba (ipinahayag) kay Muhammad (SAW), bagkus binago na at pinalitan, dinagdagan at kinulangan. Ang karamihan sa mga pantas sa Hadith mula sa Shia ay naniniwala sa pagbago ng Qur'an tulad ng nabanggit ni An-Nouri At-Tabrasi sa kanyang aklat na (Faslul Khitab fi Tahreef Kitab Rabbil Arbab)<sup>25</sup>.

At sinabi ni Muhammad bin Ya'qub Al-Kulaini sa (Usulul Kafi) na nasa kabanata na (Katotohanan walang nakatipon ng buong Qur'an kundi ang mga Imam): ((Ulat mula kay jabir na nagsabi, narinig ko si Abu Ja'afar na nagsasabi:" Walang sinumang tao ang umangkin na tunay na kanyang tinipon ang buong Qur'an ayon sa pagbaba nito ng Allah kundi isang sinungaling, walang tumipon at nagsaulo nito ayon sa pagbaba nito ng Allah maliban kay Ali bin Abi Talib at ang mga Imam pagkatapos niya))<sup>26</sup>.

---

<sup>25</sup> Faslul Khitab ni Hussien bin Muhammad Taqiyun Nouri At-Tabrasi (Pahina: 32)

<sup>26</sup> Usulul Kafi ni Al-Kulaini: 1/ 228

At ulat mula kay jabir buhat kay Abu Ja'afar- sumakanya ang kapayapaan- katotohanan na kanyang sinabi: ((Hindi kaya ng sinuman na angkinging nasa kanya ang buong Qur'an hayag man at lingid nito maliban sa mga tagapagmana))<sup>27</sup>.

Mula kay Hisham bin Salim nag-ulat mula kay Abi Abdullah- sumakanya ang kapayapaan- kanyang sinabi: ((Tunay na ang Qur'an na dala ni Jibreel- sumakanya ang kapayapaan- kay Muhammad (SAW) ay may labing pitung libo na talata))<sup>28</sup>, ang kahulugan nito ay katotohanan, na ang Qur'an na inangkin ng Rafidah ang mas marami kaysa Qur'an na nasa ating mga kamay na ipinangako ng Allah ang pangangalaga nito nang tatlong beses!! Magpakupkop tayo sa Allah laban sa kanila.

At binanggit ni Ahmad At-Tabrasi sa kanyang aklat na (Al-Ihtijaj): katotohanan, sinabi ni Umar kay Zaid bin Thabit: Tunay na si Ali ay nagdala ng Qur'an na naglalaman ng mga iskandalo (kasamaan) ng mga Muhajireen at Ansar at tunay na aming nakikita na gumawa ng Qur'an at aming

---

<sup>27</sup> Usulul Kafi ni Al-Kulaini: 1/ 285

<sup>28</sup> Usulul Kafi ni Al-Kulaini 2/ 634. At tunay na pinatunayan ng kanilang pantas na si Al-Majlisi ang ulat na ito at sinabi sa kanyang aklat na (Mir'atul Uqul) 12/525:"At ang Hadith (ulat) ay mapagkatiwalaan. At pagkatapos sinabi niya: samakatuwid ang ulat ay tama at hindi lingid na katotohanan ang ulat na ito at iba pang mga tamang ulat ay malinaw na tumutukoy sa pagiging kulang ng Qur'an at pagbabago dito, at sa akin, ang mga ulat na ito sa kabanatang ito ay mutawatir (pinagkaisahan ng marami) ang kahulugan.

tatangalin mula rito ang anumang iskandalo at paninirang-puri sa mga Muhajireen at Ansar at siya ay sinang-ayunan ni zaid, at pagkatapos. Sinabi niya:" kung sakaling matapos ko ang Qur'an ayon sa inyong kahilingan at nailabas na ni Ali ang Qur'an na kanyang tinipon, hindi ba ito nagpapawalang-bisa sa anumang ginawa ninyo? Sinabi ni Umar:" paano ang sulosyon? Sinabi ni Zaid:" Kayo ang mas nakaaalam ng paraan upang masulosyonan ito!, kaya sinabi ni Umar:" Wala ng paraan upang masulosyonan ito kundi patayin siya at maging mapanatag tayo laban sa kanya at siya ay nagplano sa pagpatay (kay Ali) sa kamay ni Khalid bin Al-Walid ngunit hindi siya nagtagumpay.

Nang pumalit si Umar bilang Khalifa, hiniling niya kay Ali na ibigay sa kanila ang Qur'an upang mabago nila ito at sinabi ni Umar:" O Ama ni Al-Hassan,kung maibigay mo sana ang Qur'an na siyang dinadala mo noon kay AbuBak'r upang magkaisa tayo rito, kanyang sinabi:"Malayo mangyari! Wala na itong paraan, dinala ko lang naman ito kay AbuBak'r upang maging katibayan laban sa kanya at hindi ninyo masasabi sa araw ng muling pagkabuhay ((Katotohanan kami ay hindi nakakaalam nito)).<sup>29</sup>, O kaya sasabihin ninyong: ((Hindi ka dumating sa amin)).<sup>30</sup>, Katotohanan, itong Qur'an ay walang makakahawak kundi

---

<sup>29</sup> Al-Araf: 172

<sup>30</sup> Al-Araf: 129

ang mga dalisay at tagahalili nito mula sa aking anak, at sinabi ni Umar:" Mayroon bang takdang panahon ang pagpapahayag nito? Sinabi ni Ali:"Oo, kapag tumayo ang (takdang) tatayo mula sa aking anak na ihahayag ito at susundin siya ng mga tao dito.<sup>31</sup>

Kahit anung pagtatakwil ang gagawin ng Shia sa aklat ni An-Nouri At-Tabrasi bilang pagsasakatuparan ng Taqiyyah (pagkukunwari) ay katotohanan, ang aklat ay naglalaman ng daan-daang teksto mula sa kanilang mga pantas sa kanilang mga mapapanaligang aklat, tiniyak nito na sila ay nakakatiyak na nabago ang Qur'an at kanila itong pinaniniwalaan ngunit ayaw lang nilang pagpiyestahan (ng mga tao o pag-aawayan) ang kanilang maling paniniwala sa Qur'an.

At ang nalalabing paniniwala pagkatapos nito ay tunay na mayroong dalawang Qur'an, ang una ay hayag at ang iba ay lingid at kabilang (sa lingid) ay Kabanata ng Al-Wilaya na kabilang sa inaakala ng Shia Rafidah na tinanggal mula sa Qur'an ay nabanggit ni An-Nouri At-Tabrasi sa kanyang aklat na (Faslul Khitab Fi Tahreef Kitab rabbil Arbab) talata: ((at ginawa ka naming kapuri-puri sa pamamagitan ni Ali na iyong manugang)), inakala nila na ito ay tinanggal mula sa Surah ( Alam Nash'rah), hindi man lang sila nahihiya mula

---

<sup>31</sup> Al-Ihtijaj ni At-Tabrasi (Pahina; 225), at aklat na Faslul Al-Khitab (pahina: 7)

sa ganitong maling akala sa kabila ng kanilang kaalaman na ang kabanatang ito ay Makkiyah (ipinahayag sa Makkah) at si Ali ay hindi pa naging manugang ng Propeta ( SAW) sa Makkah.

\*\*\*

ANO ANG DOKTRINA NG MGA RAFIDA  
TUNGKOL SA MGA KASAMAHAN (SAHABAH)  
NG SUGO NG ALLAH?

Nakabatay ang doktrina ng mga Rafidah sa panlalait, paninirang-puri at pagsasabi ng walang pananampalataya sa mga kasamahan ng Propeta (SAW)-kahabagan nawa sila ng Allah-, binanggit ni Al-Kulaini sa aklat na (Furu'ul Kafi) buhat kay Ja'afar- sumakanya ang kapayapaan-: (( Lahat ng tao noon ay tumalikod sa Islam pagkatapos ng Propeta (SAW) maliban sa tatlo, aking sinabi:" Sino ang tatlo? Sinabi niya:" Si Al-Miqdad bin Al-Aswad, Abu Dharr Al-Gaffari at Salman Al-farisi)).<sup>32</sup>

Binanggit ni Al-Majlisi sa (Biharul Anwar) katotohanan, ang katulong ni Ali bin Al-Hussien ay nagsabi:" Siya ay aking nakasama-sumakanya ang kapayapaan-sa kanyang mga pag-iisa, aking sinabi: ((katotohanan, mayroon akong karapatan sa iyo; ang sabihin sa akin ang tungkol sa dalawang lalaking ito; kay Abu Bak'r at Umar? Sinabi niya: Silang dalawa ay hindi muslim, hindi muslim ang magmamahal sa kanilang dalawa)). At ulat mula kay Abu Hamzah At-Thamali katotohanan, tinanong niya si Ali bin Al-Hussien tungkol sa dalawa

( Abubakr at Umar ) at sinabi niya :katotohanan, silang dalawa ay hindi muslim,hindi mananampalataya ang sinumang nagmamahal sa kanilang dalawa)).<sup>33</sup>

---

<sup>32</sup> Furu'ul Kafi ni Al-Kulaini (pahina: 115)

<sup>33</sup> Biharul Anwar ni Al-Majlisi 69/ 137-138, at dito ay dapat ipahayag na tunay na si Ali bin Al-Hussien at ang Ahlul Bayt silang lahat ay



At sa tafseer ni Al-Qummi sa sinabi ng Allah: ((At nagbabawal ng Al-Fahsha (kasamaan) ,Al-Munkar (labag sa Islam) at Albagi (pang-aapi o paghamak sa kapwa ))). [An-Nah'I:90], sinabi nila: ang Al-Fahsha ay si Abu Bak'r at ang Al-Munkar ay si Umar at ang Al-Bagi ay si Uthman.

Binanggit ni Al-Majlisi sa (Biharul Anwar) na nagsabi: Ang mga ulat na tumutukoy sa kawalan ng pananampalataya ni Abu Bak'r, Umar at mga katulad nila at ang gantimpala para sila'y isumpa at pagtakwil sa kanila at sa mga anumang kanilang binago sa relihiyon at sadyang napakarami kung babanggitin sa aklat na ito o sa maraming aklat at ang ating nabanggit ay sapat na para sa nais gabayan ng Allah tungo sa tuwid na landas.

Bagkos binanggit ni Al-Majlisi sa (Biharul Anwar) ang mga ulat na (nagsasabing) katotohanan si Abu Bak'r, Umar at Uthman- kalugdan sila ng Allah- ay nasa ilalim ng mga kabaong mula sa apoy- tayo'y magpakupkop sa Allah- .

At kanilang sinasabi sa kanilang aklat na (Ihqaqul Haqq) ni Al-Mar'ashi: ((O Allah ipagkaloob ang Iyong pagpapala kay Muhammad at sa pamilya ni Muhammad at isumpa ang dalawang rebulto ng Quraysh at dalawa nitong diyus-diyusan at salot pati narin ang dalawa nilang anak na

---

walang pananagutan mula sa lahat nito na siyang kasinungalingan ng mga Rafidah laban sa kanila, sumakanila nawa ang poot ng Allah, kung bakit sila naligaw ng landas!

babae...)), ang kanilang tinutukoy ay sina Abu Bak'r, Umar, Aisha at Hafsa- kalugdan sila ng Allah-.

Binanggit ni Al-Majlisi sa kanyang sanaysay na pinangalanang (Mga Doktrina) kanyang sinabi:" At kabilang sa mga kinakailangan sa relihiyon ng Imamiyah ay pagpapahintulot ng Mu'tah, hajj na tamattu', pagtakwil sa tatlo (Abu Bak'r, Umar at Uthman) at si Muawiyah, Yazeed bin Muawiyah at sa lahat ng kumalaban sa Pinuno ng mga mananampalataya.

At sa araw ng Ashura (ika-sampu ng Muharram) ay kumukuha sila ng isang aso at pinapangalanan nila itong Umar at pagkatapos, kanila itong pinapalo ng mga patpat at binabato ng bato hanggang sa mamatay at pagkatapos kukuha sila ng anak ng kambing (o tupa) at pinapangalanan nila itong Aesha at sisimulan nilang bunutin ang balahibo nito at papaluin ng mga sapatos hanggang sa mamatay. At gayundin, kanilang ipinadiriwang ang araw ng pagpatay kay Al-farouq Umar bin Al-Khattab at tinatawag nila ang salarin na si Abu Lu'lu'a Al-Majousi Baba na bayani ng relihiyon. Kalugdan nawa ng Allah ang lahat ng mga Sahabah at ng mga ina ng mga mananampalataya.

Tingnan mo aking kapatid na Muslim kung gaano ang pagkayamot at kasama ang salanggapang pangkat na ito sa relihiyon at ang anumang sinasabi nila laban sa mga pinakamahasay na tao pagkatapos ng mga Propeta- sumakanila ang kapayapaan- at silang pinuri ng Allah at ng

kanyang Sugo at nagkaisa ang buong bansang muslim sa kanilang katarungan (pagiging tuwid) at kahigtan, na sinaksihan ng kasaysayan at tunay na pangyayari ang kanilang kabutihan, pagkauna at pakikibaka nila sa Islam.

\*\*\*

#### MGA ASPETONG PAGKAKAHALINTULAD SA PAGITAN NG HUDYO AT RAFIDA

Sinabi ni Shiekh Al-islam Ibn Taymiyah-kalugdan nawa ng Allah-: ((Ang tanda nito ay katotohanan, ang kasawian ng Rafidah ay siya ring kasawian ng Hudyo, ito'y dahil ang Hudyo ay nagsabi: Hindi nababagay ang paghahari maliban

sa pamilya ni Daud at sinabi ng Rafida: Hindi nababagay ang Imamah (pagiging Imam) maliban sa anak (angkan) ni Ali.

At sinabi ng mga Hudyo: Walang Jihad sa landas ng Allah maliban sa paglitaw ng pulaang kristo at bababa ang espada, at sinabi ng mga Rafidah: walang Jihad sa landas ng Allah maliban sa paglabas ng Al-Mahdi at mananawagan ang tagatawag mula sa langit.

Ang mga Hudyo ay ipinapaliban nila ang pagdarasal hanggang sa paglitaw ng mga bituin (pagtitipun-tipon nito sa langit) at ganoon din ang mga Rafidah ipinapaliban nila ang Magrib hanggang sa paglitaw ng mga bituin (sa langit) at nasasaad sa hadith: ((Nanatili ang aking mga tagasunod sa likas na paniniwala hanggat hindi nila ipinapaliban ang Magrib hanggang sa paglitaw ng mga bituin (sa langit)).<sup>34</sup>

At ang mga Hudyo ay binago ang Torah at ganoon din ang mga Rafidah binago nila ang Qur'an at ang mga Hudyo ay wala sa kanilang katuruan ang pagpunas ng medyas (sa pagwuwudu) at ganoon din ang mga Rafidah.

Ang mga Hudyo ay galit kay Anghel Gabriel at kanilang sinasabi; siya ay ating kaaway mula sa mga anghel at ganoon din ang mga Rafidah, kanilang sinasabi:" nagkamali si

---

<sup>34</sup> Isinalaysay ni Imam Ahmad 4/147, 5/ 417-422, at ni Abu Dawud (418) at Ibn Majah (689), at sa Az-zawaid: Ang kawing ng pag-uulat ay mabuti

Anghel Gabriel sa pagpapahayag ng rebelasyon kay Muhammad.<sup>35</sup>

At magkahalintulad rin ang rafidah at Kristyano sa mga katangian ng mga Kristyano, walang Dote (Dowry) ang kababaihan nila bagkus sila ay nagpapakasarap lamang sa kanilang mga kababaihan at ang mga Rafidah ay nag-aasawa rin sa paraan ng MUT'AH at ito ay pinapahintulutan.

Mas nakakahigit ang mga Hudyo at Kristyano sa mga Rafidah sa dalawang katangian: Tinanong ang mga Hudyo:"Sino ang pinakamabuti sa inyong pananampalataya? Sinabi nila:" Ang mga kasamahan ni Moises, at tinanong ang mga Kristyano:"Sino ang pinakamabuti sa inyong pananampalataya? Sinabi nila:" Ang mga disipulo ni Hesus, at tinanong ang mga Rafidah:" Sino ang pinakamasama sa

---

<sup>35</sup> May mga pangkat na tinatawag na: Al-Garabiyah na nagsasabi: katotohanan si Jibriel –sumakanya ang kapayapaan- ay nandaya sapagkat ibinigay ang rebelasyon kay Muhammad (SAW) at ang dapat at may karapatan sa rebelasyon ay si Ali bin Abitalib at dahil diyan,sinasabi nila na: (Dinaya niya ang mapagkatiwalaan at hinadlangan mula sa Leon). Tingna mo aking kapatid na Muslim paano nila inaakusahan si Anghle Gabriel –sumakanya ang kapayapaan- ng pandaraya. Ang Allah- Ang Maluwalhati- ay naglalarawan sa kanya tulad ng Kanyang sinabi: ((Ibinaba ito ng Anghel na mapagkatiwalaan)).[as-shu'ara:193] at : ((Na sinusunod (ng mga Anghel) at pinagkatiwalaan)).[At-Takwir:21] . ano ang masasabi mo O Muslim sa doktrinang ito na siyang pinaniniwalaan ng mga Rafidah?

inyong Pananampalaya? Sinabi nila: "Ang mga kasamahan ni Muhammad (SAW) .<sup>36</sup>

At binanggit ni Shiekh Abdullah Al-Majlisi sa kanyang aklat na (Badhlul Majhud fi Mushabahah Arrafidah lil yahud) kabilang sa pagkakahalintulad ng mga Rafidah sa mga Hudyo ay paratang ng mga Hudyo at Rafidah ng kawalan ng pananampalataya ng maliban sa kanila at pagpapahintulot sa kanilang mga dugo ( pagpatay sa kanila ) at kayamanan (pag-angkin sa kanilang kayamanan ) at kanyang sinabi: " Hinahati ng mga hudyo ang mga tao sa dalawang uri: (Hudyo at Umamiyun), ang Umamiyun ay lahat ng hindi hudyo at ang paniniwala ng mga Hudyo ay sila lang ang mananampalataya at ang Umamiyun ayun sa kanila ay walang pananampalataya at pagano, hindi nila kilala ang Allah- Ang kataas-taasan- nakasaad sa At-talmud: "Lahat ng mga bansa maliban sa mga Hudyo ay mga pagano at ang mga katuruan ng Hakhamat ay katulad nito. At kahit si Hesu Kristo –sumakanya ang kapayapaan- ay hindi nakaligtas sa kanilang paratang ng kawalan ng pananampalataya, nakasaad sa At-talmud ang kanilang paglalarawan kay Kristo-sumakanya ang kapayapaan- na katotohanan siya ay hindi mananampalataya at hindi kilala ang Allah at naniniwala ang mga Rafidah na sila lamang ang mga mananampalataya at ang mga Muslim maliban sa kanila

---

<sup>36</sup> Minhajus Sunnah ni Shiekhul Islam Ibn Taimiyah [1/ 24]

ay kuffar (hindi muslim) at tumalikod sa islam, walang bahagi sa Islam at ang dahilan ng paratang ng Rafidah sa mga Muslim ay dahil hindi daw nila sinusunod ang WILAYA<sup>37</sup> na pinaniniwalaan ng mga rafidah na isa sa mga haligi ng Islam kaya't lahat ng sinumang hindi isinasakatuparan (naniniwala) sa Wilaya ay hindi Muslim sa paningin ng mga Rafidah tulad ng sinuman na hindi isinagawa ang shahadatain (dalawang pagsasaksi) o hindi nagsasalah, bagkus ang Wilaya ay higit na nauuna sa lahat ng haligi ng Islam, katotohanang naiulat ni Al-Barqi buhat kay Abu Abdullah na kanyang sinasabi: ((Walang isa man sa pananampalataya ni Abraham kundi tayo at ating mga tagasunod at labas ang lahat ng tao mula rito)). At sa tafseer ni Al-Qummi buhat kay Abu Abdullah- sumakanya ang kapayapaan- sinabi niya: ((Wala sa pananampalatayang Islam ang maliban sa atin at maliban sa kanila hanggang sa araw paghuhukom)).<sup>38</sup>

---

<sup>37</sup> Ang tinutukoy nito ay si Ali bin Abitalib daw ay kapanalig ng Allah at siya ang dapat sumunod sa pamumuno ng mga Muslim pagkatapos ng Propeta (SAW) at hindi si AbuBak'r

<sup>38</sup> Badhlul Majhud fi Mushabahatir Rafidah Lil Yahud ni Abdullah Al-jamili 2/559, 568, at para sa karagdagang kaalaman tungkol sa paratang ng mga Rafidah sa mga pangkat at grupo ng mga Muslim ay basahin ang aking aklat: (Ang Shia na Ithna Ashariyah at pagtakfir nila sa lahat ng mga Muslim).

\*\*\*

### ANO ANG DOKTRINA NG RAFIDA SA MGA IMAM?

Inaangkin ng mga Rafidah ang kawalan ng pagkakamali at kasalanan ng mga Imam at tunay na nalalaman nila ang lingid, naiulat ni Al-Kulaini sa (Usul Al-kafi): ((Sinabi ni Imam Ja'afar As-Sadiq:"kami ang sambayanang hindi nagkakamali, itinatagubilin ang pagsunod sa amin at



ipinagbawal ang pagsuway sa amin. Kami ang matibay na katibayan laban sa sinumang nasa kalangitan at ibabaw ng lupa)).<sup>39</sup>

At naniniwala si Al-Kulaini sa (Al-kafi) sa kabanata na (katotohanan kapag nais ng mga Imam na malaman ay kanilang nalalaman)at mula kay Ja'afar kanyang sinabi: ((Katotohanan kapag nais ng Imam na mabatid ay kanyang nababatid at ang mga Imam ay nababatid kung kailan sila mamamatay at tunay na hindi sila mamamatay maliban sa kanilang kagustuhan)).<sup>40</sup>

Binanggit ng sawing-palad na si Khominie sa kanyang aklat na (Tahrir Al-Wasilah) kanyang sinabi: ((katotohanan, nasa Imam ang kapuri-puring katayuan, mataas na antas, pangangasiwa sa sanlibutan, sunod-sunuran sa kanyang pangangasiwa ang lahat ng nilalang sa sandaigdigan)). At sinabi rin: ((Katotohanang nasa sa atin kasama ang Allah ang mga pagkakataon- na ang ibig sabihin ay ang mga Imam ng Ithna ashariyah- na hindi kaya ng malapit na Anghel, ni Propetang isinugo)).<sup>41</sup>

Bagkus humantong ang pangyayari sa pagmamalabis ng mga Rafidah sa pagdakila sa mga Imam na higit sa lahat ng mga propeta-sumakanila ang kapayapaan- maliban kay Muhammad (SAW)!! Katotohanan binanggit ni Al-Majlisi

---

<sup>39</sup> Usul Al-Kafi ni Al-Kulaini: 1/165

<sup>40</sup> Usul Al-Kafi ni Al-Kulaini 1/ 258

<sup>41</sup> Tahrir Al-Wasilah ni Al-Khominie (Pahina: 52, 94)

sa kanyang aklat na (Mir'atul Uqul) nakasaad ang : "at sila ay mag higit at mataas sa lahat ng mga Propeta maliban sa ating Propeta Muhammad (SAW) <sup>42</sup>".

Ang pagmamalabis ng mga Rafidah ay hindi lamang nagtatapos sa ganitong paraan, tunay na kanilang sinabi: "Katotohanan, nasa mga imam ang pangangasiwa sa santinakpan; binanggit ni Al-Kho'ie sa kanyang aklat na (Misbahul Fuqahah) sinabi niya: ((Malinaw na walang pag-aalinlangan sa kanilang pangangasiwa sa lahat ng nilalang gaya ng lumilitaw sa mga ulat dahil sa kanilang pagiging taga pamagitan nang paglikha at pagkakaroon ng prisensiya sa pamamagitan nila at sila ang dahilan ng paglikha, kung hindi dahil sa kanila, hindi nilikha ang lahat ng tao, bagkus nilikha lamang silang lahat dahil sa kanila (mga Imam) , sa pamamagitan (ng mga imam) ang paglikha sa kanila, sila ang tagapamagitan, bagkus nasa kanila ang pangangasiwa ng sandaigdigan para sa lahat maliban sa Lumikha, ito ang Wilaya tulad ng wilaya ng Allah sa mga nilikha)).<sup>43</sup>

Magpakupkop tayo sa Allah- ang kataas-taasan- laban sa ganitong pagmamalabis at pagkalahis!!.

Paano nagiging tagapamagitan ang mga Imam sa paglikha? At papaano nagiging sanhi ng pagkakaroon ng nilikha ang mga imam? At paano likhain ang sangkatauhan

---

<sup>42</sup> Mir'atul Uqul fi Shar'h Akhbar Al Ar-rasul ni Al-Majlisi 2/ 290

<sup>43</sup> Misbahul Fuqaha ni Abul Qasim Al-Kho'ie 5/ 33

dahil sa mga Imam at ang Allah-Kaluwalhatian sa Kanya, Ang kataas-taasan- ay nagsabi: ((At hindi ko nilikha ang mga Jinn at mga tao maliban na tanging sambahin lamang Ako)).<sup>44</sup> Magpakupkop tayo sa Allah mula sa ganitong lihis na mga paniniwala at malayo sa dalisay na Qur'an at Sunnah.

Sinabi ni Shiekhul Islam Ibn Taimiyah –kalugdan nawa siya ng Allah-: ((At ang mga Rafidah ay nag-aakala na ang relihiyon ay ligtas mula sa mga Hudyong maalam sa relihiyon at mga monghe, datapuwat ang halal ay ang siyang kanilang pinahihintulutan at ang haram ay ang siyang kanilang ipinagbabawal, sila ang nagsasabatas ng pananampalataya)).<sup>45</sup>

At kung nais mo aking kapatid na mambabasa na makita ang kawalan ng pananampalataya, pagtatambal (Shirk) at pagmamalabis- tayo ay magpakupkop sa Allah- basahin itong tula na sinambit ng kanilang kasalukuyang pantas na si Ibrahim Al-Amili tungkol kay Ali bin Abi Talib–kalugdan nawa siya ng Alla-:

O Ama ni Hassan ikaw ang mata ng Diyos

At pamagat ng kanyang mataas na kakayahan

At ikaw ang nakababatid sa lahat ng mga lingid

---

<sup>44</sup> Kabanata Az-Zariyat: 56

<sup>45</sup> Minhajus Sunnah ni Shiekhul Islam Ibn Taimiyah–kalugdan nawa siya ng Allah- : 1/ 482

Maikukubli ba sa iyo ang anumang lihim?  
At ikaw ang nangangasiwa sa lahat ng nilalang  
At ikaw ang nag-aangkin ng matatayog nitong  
karagatan  
Nasa sa iyo ang pagpapasya, kung naisin mo'y bubuhayin  
mo bukas  
At kung nais mo'y kakaladkarin mo sa buhok na  
nakalawit sa noo.  
At sinabi ng iba na tinatawag na Ali bin Sulaiman Al-Mazidi  
sa kanyang papuri kay Ali bin Abi Talib-kalugdan nawa siya  
ng Allah-:  
O Ama ni Hassan ikaw ay asawa ng birhen  
Tagiliran ka ng Diyos at katawan ng Sugo  
Buwan ng kaganapan at araw ng mga isipan  
Alipin ng Panginoon at ikaw ay Hari  
Tinawag ka ng Propeta sa araw ng pighati  
At nagtakda sa iyo ng pagpapasya sa araw ng Gadir  
Sapagkat ikaw para sa mga mananampalataya ay pinuno  
At ang pagsasakatuparan ng kanyang pangangasiwa  
ay isinabit sa iyo  
Nasa sa iyo ang lahat ng pagpapasya  
At ikaw ang nakaaalam sa nilalaman ng dibdib  
At ikaw ang muling bubuhay ng anumang nasa mga  
libingan  
At ang pagtuos sa araw ng paghuhukom na nakasaad  
ay iyong pag-aangkin

At ikaw ang nakaririnig at ikaw ang nakakikita

At ikaw ang may kapangyarihan sa lahat

At kung hindi dahil sa iyo ay walang bituin na gagalaw

Ni walang lugar kung hindi lang ipinaubaya sa iyo  
ang ligiran

At ikaw sa lahat ng nilalang ay nakaaalam

At ikaw ang nangusap sa mga tumanggap ng  
rebelasyon

At kung hindi lang dahil sa iyo ay hindi magiging kausap si  
Moises (ng Allah)

Isang kausap, kaya't kaluwalhatian sa sinumang  
humubog sa iyo

Makikita mo ang lihim ng iyong pangalan sa lahat ng  
nilalang

Kaya't ang iyong pagmamahal ay katulad ng araw sa  
taas ng mga mukha

At ang iyong poot ay nasa mukha ng mga galit

Katulad ng aspalto, kaya't hindi nanaig ang sinumang  
nagalit sa iyo.

At kung sinuman yan ay nagiging at kung sinuman ito ay  
magiging

Kung ano ang mga Propeta, at kung ano ang mga  
Sugo

At kung ano ang panulat, talaan, kung ano ang sandaigdigan

Lahat ng ito ay iyong mga alipin at pag-aangkin

O ama ni Hassan, O tagapangasiwa ng nilikha

At kuweba ng mga takas at silungan ng mga panauhin

At inuman ng mga nagmamahal sa iyo sa araw ng pagsidatingan

At hindi naniniwala sa muling pagkabuhay ang nagtatakwil sa iyo

O ama ni Hassan, O Ali kapuri-puri

Ang iyong pangangasiwa sa akin sa libingan ay maliwanag

At ang iyong pangalan para sa akin sa kagipitan ay tanda

At iyong pagmamahal ay magpapasok sa akin sa iyong paraiso

Sa pamamagitan mo ang karagdagan (biyaya) ay mapa sa akin

Kapag dumating na ang pagpapasya ng Diyos na kataas-taasan

Ay tatawag na ang tagatawag ang paglikas ang paglikas

At hinding-hindi mo iiwan ang sinumang nagpakupkop sa iyo

Ang tulang ito ay masasabi ng isang muslim na nananampalataya sa islam?, sumpa man sa Allah katotohanan, ang mga taong mangmang noon ay hindi nasadlak sa ganitong shirk, kawalan ng pananampalataya at pagmamalabis na siyang nasadlakan ng sawing-palad na Rafidi na ito.

\*\*\*

ANO ANG DOKTRINA TUNGKOL SA MULING  
PAGBABALIK NA PINANINIWALAAN NG MGA  
RAFIDA?

Nagtatag ang Rafida ng bid'ah ( makabagong paniniwala) tungkol sa muling pagbalik, sinasabi ni Mufid: ((nagkasundo ang Imamiyah sa tiyak na muling pagbabalik ng maraming patay <sup>46</sup>)). Ito ang muling pagbalik ng kanilang huling Imam at tinatawag na (Al-Qa'im) sa huling araw at lalabas sa Sirdab, kakatayin ang lahat ng kaaway na mga pulitiko at

---

<sup>46</sup> Awail Al-Maqalat ni Al-Mufid (Pahina: 51)

ibabalik sa mga Shia ang kanilang mga karapatan na inagaw ng ibang pangkat sa maraming panahon<sup>47</sup>.

Sinabi ni As-Sayid Al-Murtada sa kanyang aklat na (Al-Masail An-Nasiriyah) katotohanan si Abu Bak'r at Umar ay ipapako sa araw na yaon sa isang punong-kahoy sa panahon ni Al-Mahdi (ang kanilang ika-labin dalawang Imam) na tinatawag nilang magtataguyod sa pamilya ni Muhammad at ang punong-kahoy na yaon ay basa (presko) bago pa sila ipako kaya't ito ay matutuyo pagkatapos nito<sup>48</sup>.

At sinabi ni Al-Majlisi sa aklat na (Haqqul Yaqeen) buhat kay Muhammad Al-baqir: (( kapag lumitaw si Al-Mahdi ay bubuhayin niya si Aisha-ina ng mga mananampalataya- at isasakatuparan sa kanya ang parusa<sup>49</sup>)).

At pagkatapos ay lalu pang lumala ang pagkaunawa nila sa muling pagbabalik at sila'y naniwala sa muling pagbabalik ng lahat ng mga Shia at kanilang mga Imam at lahat ng kanilang kaaway at mga Imam nila.

At ang lihis na paniniwalang ito ay nagpapahayag ng nakatagong poot sa kanilang mga sarili na siya nilang ipinapahayag sa kanilang mga sanaysay na tulad nito, ang paninindigang ito ay isang paraang ginawa ng As-Sabaiyah upang tanggihan ang (paniniwala) sa huling araw.

---

<sup>47</sup> Al-Khutut al-aridha ni Muhibbudin Al-Khatib-kalugdan nawa ng Allah- (Pahina: 80)

<sup>48</sup> Awa'il Al-Maqalat ni Al-Mufid (pahina: 95)

<sup>49</sup> Haqqul Yaqin ni Muhammad Al-Baqir Al-Majlisi (Pahina: 347)



Ang layunin ng muling pagbabalik ay paghihiganti laban sa mga kaaway ng Shia ngunit sino ba ang kaaway ng Shia?! Ang mga ulat na ito ay magbibigay linaw sa iyo aking kapatid na Muslim ang pagkamuhi ng mga rafida laban sa Ahlus Sunnah at ang kanilang pakikipagsabuwatan (pagkampi) sa mga Hudyo at Kristyano: tunay na binanggit ni Al-Majlisi sa kanyang aklat na (Biharul Anwar) buhat kay Abu Basser, buhat kay Abu Abdullah (AS) kanyang sinabi: sinabi niya sa akin: O ama ni Muhammad parang nakikita ko ang pagbaba ng Al-Qa'im sa Masjid ng As-Sahlah kasama ang mag-anak at pamilya...hanggang sa kanyang salaysay na... aking sinabi: ano ang mangyayari sa mga Ahl Dhimma (hindi Muslim) sa kanya? Sinabi niya: makipagkasundo (ng kapayapaan) sa kanila gaya ng pakipagkasundo sa kanila ng Sugo ng Allah (SAW) at magbibigay sila ng buwis ng may pagsang-ayon habang sila ay nagpapakumbaba, aking sinabi: sino ang kumalaban sa inyo? Kanyang sinabi: Wala, O Abu Mohammad, walang anumang bahagi sa ating bansa ang sinumang sumalungat sa atin, katotohanan ang Allah ay tunay na pinahihintulutan para sa atin ang kanilang mga dugo kapag tumayo na ang ating Al-Qa'im kaya't ngayon ay bawal ito sa amin at sa inyo, kaya huwag magpalinlang ninuman, kapag tumayo

ang ating Qa'im ay maghihiganti para sa Allah at kanyang Sugo at para sa ating lahat<sup>50</sup>)).

Tingnan mo aking kapatid na Muslim kung paano ang pakikipagkasundo ng Al-mahdi ng Shia sa mga Hudyo at kristyano at sa kabilang dako, didigmain ang sasalungat sa kanila at sila ang Ahlus Sunnah, ngunit maaaring may magsasabing: ang pagbabantang ito ay para sa mga kakalaban sa Ahlul Bayt (mag-anak ng Propeta SAW ) at ang Ahlus Sunnah ay hindi kinakalaban ang Ahlul Bayt, dahil dito hindi sila sakop ng pagbabantang ito na siyang kapahintulutan sa kanilang mga dugo mula sa Mahdi ng rafida, at ating sasabihin: nakasaad sa mga maraming ulat sa mga Rafidah na katotohanan ang tinutukoy na Nasibah ay: mga Ahlus Sunnah at para sa karagdagang impormasyon tungkol sa usaping ito, mangyaring tingnan ang aklat na (Al-Mahasin An-Nafsaniyah) ni Hussien Al-Ufur Ad-Darazi Al-Bahrani, at aklat na (As-Shihab Ath-Thaqib fi Bayan ma'ana An-Nasib) ni Yusof Al-bahrani.

\*\*\*

---

<sup>50</sup> Biharul Anwar ni Al-Majlisi : 52/376

## ANO ANG DOKTRINANG TAQIYYAH SA MGA RAFIDA?

Ang Taqiyyah ay binigyan ng pakahulugan ng isa sa kanilang kasalukuyang pantas sa kanyang salaysay: ((Ang Taqiyyah ay ang pagsabi o paggawa mo ng taliwas sa iyong pinaniniwalaan upang maitulak mo ang makakapinsala sa iyong sarili o kayamanan o para mapangalagaan ang karangalan<sup>51</sup>)). Bagkus, inaangkin nilang katotohanan ang

---

<sup>51</sup> As-Shia fil Mizan ni Muhammad Jawad Mugniya (Pahina: 47)

Sugo (SAW) ay ginawa ito (Taqiyyah) nang mamatay si Abdullah bin Ubay bin Salul pinuno ng mga mapagkunwari sapagkat siya ay dumating para sa pagdarasal para sa kanya at sinabi ni Umar:" Hindi ba pinagbawalan ka ng Allah (sa pagdarasal sa kanya)? Ang tumayo ka sa libingan ng epokritong iyan? Sinagot siya ng Sugo ng Allah (SAW) : ((Kasawian sa iyo, paano mo mapag-aalaman kung anong sinabi ko? Katotohanan aking sinabi:" O Allha punuin mo ng apoy ang kanyang tiyan at punuin ang kanyang libingan ng apoy at sa ilalim nito ng apoy<sup>52</sup>)).

At tingan mo aking kapatid na Muslim kung paano nila inuugnay ang kasinungalingan sa Sugo ng Allah (SAW) ? matatanggap ba ng isipan na katotohanan ang mga kasamahan ng Propeta (SAW) ay ihingi siya ng habag samantalang ang Propeta ng habag ay isinusumpa siya?

Nabagnggit ni Al-Kulaini sa (Usul Al-Kafi) kanyang sinabi: ((sinabi ni Abu Abdullah:" O ama ni Umar tunay na ang siyam na pung porsento ng ng relihiyon ay nasa taqiyyah at walang relihiyon ang sinumang walang taqiyyah at ang taqiyyah ay nasa lahat ng bagay maliban sa alak at pagpunas ng dalawang medyas)). At nasabi rin ni Al-Kulaini buhat kay Abu Abdullah kanyang sinabi: ((mag-inat kayo para sa inyong relihiyon at takpan ninyo ito ng Taqiyyah

---

<sup>52</sup> Furu'ul Kafi – Kitab Al-Janaiz (Pahina: 188)

sapagkat katotohanan na walang pananampalataya ang sinumang walang Taqiyyah<sup>53</sup>)).

Bagkus umabot ang pangyayari sa mga Rafidah sa pagpapahintulot ng pagsumpa maliban sa Allah bilang Taqiyyah- tayo ay magpakupkop sa Allah- tunay na nabnggit ni Al-Hur Al-Amili sa kanyang aklat na (Wasail As-Shia) mula kay Ibn Bakir, buhat kay Zararah na ulat mula kay Abu Jaafar- sumakanya ang kapayapaan- sinabi niya:" aking sinabi sa kanya: katotohanan kami ay dumadaan sa mga taong iyon at pinapanumpa kami sa aming mga kayamanan at tunay na naibigay na namin ang Zakah nito (ang obligado na ibigay mula sa kayamanan ), kanyang sinabi:" O Zararah kapag natakot ka ay sumumpa ka para sa kanila ayon sa kanilang naisin, aking sinabi: sa iyong sakripisyo, kahit sa paghihiwala t pagpapalaya? Sinabi niya: ayon sa kanilang naisin. At mula kay Sama'ah buhat kay Abu Abdullah –sumakanya ang kapayapaan- sinabi niya: (( Kapag nanumpa ang lalaki bilang Taqiyyah (pagkukubli) ay hindi ito makakasama sa kanya kapag pinilit o kailangan ito gawin<sup>54</sup>)).

Kaya ang mga Rafidah ay naniniwala na ang Taqiyyah ay obligado, hindi maitatatag ang pananampalataya kundi sa pamamagitan nito at nakakamit nila ang mga basihan nito

---

<sup>53</sup> Usul Al-Kafi (Phina: 482-483)

<sup>54</sup> Wasail As-Shia ni Al-Hur Al-Amili: 16/ 136-137

nang palihim at lantad, isinasagawa ito lalung-lalo na kapag napalibutan sila ng mga malupit na pagkakataon. Kaya mag-ingat ng ibayong pag-iingat mula sa mga Rafidah! O mga Muslim.

\*\*\*

#### ANO ANG DOKTRINANG TEENAH NA PINANINIWALAAN NG MGA RAFIDA?

Ang Teena sa mga Rafidah ay luwad (lupa) ng libingan ni Hussien –kalugdan siya ng Allah-. Naiulat ng isa sa kanilang mga tagaligaw na tinatawag na Muhammad An-Nu'man Al-Harithi na tinaguriang (Shiekh Al-Mufid) sa kanyang aklat na (Al-Mazar) ulat mula kay Abu Abdullah katotohanan kanyang sinabi: ((Nasa luwad (lupa) ng libingan

ni Hussien ang lunas sa lahat ng sakit at ito ang pinakamalaking lunas)).

Ai sinabi ni Abdullah:"Pakainin ninyo ang inyong mga anak ng lupa ni Hussien.

At sinabi: Ipinadala kay Abu Abdullah Ar-Rida mula sa Khurasan ang nakabalot (bagahe) na mga damit at nasa pagitan nito ay luwad at sinabi sa sugo:"Ano ito? Sinabi niya:" Isang luwad mula sa libingan ni Hussien, hindi siya nagpapadala ng anumang damit o anumang bagay maliban dito kundi nilalagyan niya ng luwad at sinasabi:"Ito ay proteksiyon-sa kapahintulutan ng Allah - Ang Kataas-taasan- at may nagsabi:"Tunay na ang isang lalaki ay nagtanong kay As-Sadiq tungkol sa kanyang pagkain ng luwad ni Hussien, sinabi sa kanya ni As-Sadiq:"kapag kinain mo, sabihin mo ang:" O Allah hinihiling ko sa Iyo sa pamamagitan ng karapatan ng Anghel na humawak nito, hinihiling ko sa Iyo sa pamamagitan ng karapatan ng Propeta na nag-imbak nito, at sa pamamagitan ng karapatan ng tagapangalagang sumanib dito, na Iyong pagpalain si Muhammad at ang pamilya ni Muhammad at gawin itong lunas sa lahat ng karamdaman at proteksiyon sa lahat ng takot at pangangalaga laban sa lahat ng masama.

At tinanong si Abu Abdullah tungkol sa paggamit ng dalawang luwad mula sa luwad ng libingan ni Hamzah at Hussien at pagkakaiba nito ay dalawa? Kanyang sinabi: ((Ang Rosaryo mula sa luwad ng libingan ni Hussien ay

kusang nagsasagawa ng tasbeeh (pagpupuri) sa kamay ng hindi ginagamit<sup>55</sup>).

Katulad ng pag-aangkin ng mga Rafidah na katotohanan ang taong Shia ay nilikha mula sa espesyal na luwad at ang sunni ay nilikha mula sa ibang luwad at pinaghalo ang dalawang luwad sa partikyular na paraan, kaya anumang kasamaang nasa Shia at mga krimen ay epekto lamang ng luwad ng sunni at anumang kabutihan at tiwala na nasa Sunni ay epekto lamang ng luwad ng Shia kaya kapag sa araw ng paghuhukom katotohanan ang mga kasamaan at malalaking kaslanan ng Shi ay ilalagay sa Ahlus Sunnah at ang mga kabutihan ng Ahlus Sunnah ay igagawad para sa Shia.<sup>56</sup>

#### ANO ANG DOKTRINA NG MGA RAFIDA SA AHLUS SUNNAH?

Nababatay ang doktrina ng mga Rafidah sa pagpapahintulot sa mga kayamanan at dugo ng Ahlus Sunnah, naiulta ni As-Sadiq sa (Al-i'lal) na nauugnay kay Dawud bin Farqah kanyang sinabi: ((Sinabi ko kay Abu Abdullah:"Ano ang masasabi mo sa An-Nasib? Sinabi niya:" Halal ang dugo (maaaring patayin) upang

---

<sup>55</sup> Kitab Al-Mizar ng pantas nilang tinatawag na Al-Mufid (Pahina: 125)

<sup>56</sup> I'lal As-Shara'ie (Pahina:490-491) at Biharul Anwar (5/ 247-248)



mabigyan kita ng paingat; kung kaya mong patumbahin ng pader, o ilunod sa dagat para walang sasaksi laban sa iyo ay gawin mo. Aking sinabi:"Ano sa tingin mo (tungkol sa) kanyang kayamanan? Sinabi:" Kunin mo ang kaya (mong kunin).<sup>57</sup>

Sa tingin ng mga Rafidah ay dalisay ang kanilang mga anak, hindi katulad ng iba tunay na binanggit ni Hashim Al-Bahrani sa kanyang tafseer (Al-Burhan), buhat kay Maytham bin Yahya, ulat mula kay Jaafar bin Muhammad sinabi niya: ((Walang bagong panganak na ipapanganak maliban na si Satanas na mula sa mga Demonyo ay nasa kanyang harapan kapag nalaman na siya'y kabilang sa ating pangkat ay tatakpan niya mula sa demonyong iyon at kung hindi naman kabilang sa ating pangkat ay itutusok ng demonyo ang kanyang hintuturo sa kanyang puwit at magiging homoseksuwal at ang pagiging lalaki ay hitsura lamang, kapag babae ay tutusukin niya sa ari at magiging masamang babae kaya umiyak ng malakas ang bata sa pagkakataong iyon kapag nakalabas mula sa tiyan (sinapupunan) ng ina<sup>58</sup>)).

Bagkos itinuring ng mga Rafidah ang mga tao na lahat ay anak sa pangangalunya maliban sa Shia!! Binanggit ni Al-Kulaini sa kanyang aklat (Ar-Rawdah minal Kafi) ulat mula

---

<sup>57</sup> Al-Mahasin An-Nafsaniyah (Pahina: 166)

<sup>58</sup> Tafseer Al-Burhan ni Hashim Al-bahrani (2/ 300)

kay Abu Hamza, buhat kay Abu Jaafar (AS) kanyang sinabi: ((Aking sinabi sa kanya: katotohanan ang ilan sa aming mga kasamahan ay naninira ng puri at binabato ng maling paratang ang sinumang sumalungat sa kanila, sinabi niya sa akin: Ang pagpigil mula rito ang pinakamaganda, at pagkatapos, sinabi niya: Sumpa man sa Allah O ama ni Hamzah, katotohanan ang mga tao ay anak lahat ng mga masasamang babae maliban sa ating pangkat<sup>59</sup>)).

Bagkos nakikita ng Shia Rafida na katotohanan ang kawalan ng pananampalataya ng Ahlus Sunnah ay mas malupit sa kawalan ng pananampalataya ng mga Hudyo at Kristyano sapagkat sila (Hudyo at Kristyano) sa simula pa lang ay wala ng pananampalataya at sila (Ahlus Sunnah) ay mga walang pananampalataya, tiwalag sa Islam, at ang pagiging tiwalag sa Islam ay mas masama na siyang pinagkasunduang hatol at dahil dito nakikipagsabuwatan sila sa mga hindi Muslim laban sa mga Muslim gaya ng nasasaksihan ng kasaysayan<sup>60</sup>.

---

<sup>59</sup> Ar-Rawdah minal Kafi ni Al-Kulaini (8

Sinabi si Shiekhul Islam Ibn Taimiyah – kahabagan nawa siya ng Allah-:" katotohanan ang mga rafidah ay nakikipagsabuwatan noon sa mgaTatar nang lusobin nila ang lugar ng mga Muslim. (Al-fatwah 35/ 151. Tingnan ang aklat na (paano nakapasok ang mga Tatar sa mgalugar ng mga Muslim) na akda ni Doktor Sulaiman bin Hamad Al'awdah,at tingnan mo kapatid kung paano nakipagsabuwatan ang shia ng Bansang Iraq sa mga mananakop at pakikipagkasundo ng

Nakasaad sa aklat na (Wasail As-Shia) mula kay Al-Fudail bin Yasar kanyang sinabi: ((Tinanong ko si Abu Jaafar tungkol sa babaeng rafida? Maaari ko bang ipaasawa sa Nasibi (Ahlusunnah )? sinabi niya: Huwag, sapagkat ang nasibi ay Kafir (walang pananampalataya).

At ang mga Nasibi sa Ahlus Sunnah ay sila yaong kinamumuhian si Ali bin Abi Talib (RA), ngunit ang Rafida ay tinatawag ang Ahlus Sunnah na mga Nasibi sapagkat inuuna nila ang pagiging Imam ni Abu Bak'r, Umar at Uthman kaysa kay Ali sa kabila ng katotohanang pagiging higit ni Abu Bak'r, Umar at Uthman kay Ali ay simula pa noong panahon ng Propeta (SAW) at ang katibayan nito ay ang salaysay ni Ibn Umar: ((Pumipili kami noong panahon ng Sugo (SAW) sa pagitan ng mga tao at pinipili naming si Abu Bak'r, pagkatapos ay si Umar, pagkatapos ay si Uthman)) Isinalaysay ni Al-Bukhari at dinugtungan ni At-Tabarani sa Al-Kabir: (( at ito ay nababatid ng Propeta (SAW) at hindi niya ito tinatanggihan)). At ayon kay Ibn Asakir: ((Aming higit na pinapahalagahan noon si Abu Bak'r, Umar, Uthman at Ali)).

At naisalaysay ni Ahmad at iba pa sa kaniya ang ulat mula kay Ali bin Abi Talib na sinabi niya: ((Ang pinakamainam sa

---

sanggunian ng mga shia sa karumal-dumal na pagpatay na nangyari sa mga Ahlussunnah sa Falluzah at maliban pa ditto!!<sup>60</sup>

Ummah na ito pagkatapos ng kanyang Propeta ay si Abu Bak'r, pagkatapos ay si Umar at kung nais ko ay aking pangalanan ang ikatlo)). Sinabi ni Ad-Dhahabi: ito ay MUTAWATIR<sup>61</sup>.

\*\*\*

ANO ANG DOKTRINA NG RAFIDA TUNGKOL  
SA MUT'AH? AT KUNG ANO ANG KAHIGITAN  
NITO SA KANILA?

Ang Mut'ah<sup>62</sup> ay may ibayong pagpapahalaga sa mga Shia-tayo'y magpakupkop sa Allah- nasasaad sa aklat na (Manhajus Sadiqeen) ni Fat'hullah Al-Kashani mula kay

---

<sup>61</sup> Isang matibay na ulat mula sa Propeta (SAW) na narinig ng maraming sahabah at narinig ng maraming bilang mula sa mga sahabah.

<sup>62</sup> Ang mut'ah ay pansamantalang pag-aasawa, bago maganap ang kasal ay magkakaroon ng kasundoan ang dalawa sa takdang panahon kung kalian sila maghihiwalay

As-Sadiq: Katotohanan Mut'ah ay kabilang sa aking pananampalataya at pananampalataya ng aking mga ninuno kaya ang siyang isinasagawa ito ay isinasagawa ang aming pananampalataya at ang siyang nagtatakwil nito ay nagtatakwil ng aming pananampalataya bagkos siya'y nanampalataya ng hindi naming pananampalataya, at ang bata na mula sa Mut'ah ay mas higit kaysa batang mula sa tunay na asawa at ang nagtatakwil (tumatanggi) ng Mut'ah ay hindi Muslim, tiwalag sa Islam<sup>63</sup>.

At binanggit ni Al-Qummi sa aklat na (Man La yahduruhul Faqeeh) buhat kay Abdullah bin Sinan, mula kay Abu Abdullah kanyang sinabi: ((Katotohanan, ang Allah- Ang kataas-taasan- ay ipinagbawal sa aming pangkat ang nakalalasing mula sa anumang inumin at pinalitan ito para sa kanila ng Mut'ah<sup>64</sup>)).

At nasasaad rin sa (Tafseer Manhaj As-Sadiqeen) ni Mala Fathullah Al-Kashani: ((Sinabi ng Propeta (SAW): sinuman ang magsagawa ng Mut'ah nang isang ulit ay nailigtas ang ikatlo niyang bahagi mula sa Apoy at sinuman ang magsagawa nito nang dalawang ulit ay nailigtas ang 2/3 na bahagi nito mula sa apoy at sinuman ang magsagawa nito nang tatlong ulit ay ligtas ang kabuuan niya mula sa apoy)).

---

<sup>63</sup> Minhajus sadiqeen ni Mulla fathullah Al-kashani (2/ 495)

<sup>64</sup> Man La yahduruhul Faqeeh ni Ibn Babawi Al-Qummi (Pahina: 330)

At sa Al-Masdar: (( Sinabi ng Propeta (SAW) : "sinuman ang magsagawa ng Mut'ah nang isang beses ay naligtas siya mula sa poot ng Makapangyarihan (Allah) at sinumang magsagawa nito nang dalawang ulit ay kasama niyang titipunin (sa araw ng paghuhukom) ang mga masunurin at sinumang magsagawa nito nang tatlong ulit ay makipagsiksikan siya sa akin sa paraiso)).

At ganun din sa Al-Masdar: ((Sinabi ng Propeta (SAW) : " sinuman ang magsagawa ng Mut'ah nang isang beses ay magiging katulad ng antas ni Hussien at sinumang magsagawa nito nang dalawang ulit ay magiging katulad ng antas ni Hassan at sinuamang magsagawa nito nang tatlong ulit ay magiging katulad ng antas ni Ali bin Abi Talib at sinumang magsagawa nito nang apat na ulit,ang kanyang antas ay magiging katulad ng aking antas)).<sup>65</sup>

Ang mga Rafidah ay hindi nagtalaga ng kondisyon sa takdang bilang ng Mut'ah, nakasulat sa (Furu al-Kafi), (At-tahdheb) at (Al-Istibsar) buhat kay Zararah na mula kay Abu Abdullah kanyang sinabi: ((binanggit ko sa kanya ang Mut'ah kung kabilang ba sa apat (na asawa)? Sinabi niya: "Mag-asawa mula sa kanila (mga babae) ng isang libu sapagkat katotohanan sila'y mga paupahan at mula kay Muhammad bin Muslim na mula kay Abu Jaafar katotohanan sinabi niya tungkol sa Mut'ah: "hindi kabilang

---

<sup>65</sup> Al-Furu minal Kafi ni Al-Kulaini (5/451) at At-tahdheeb (2/188)

sa apat sapagkat siya (babae) ay hindi dinideborsiyo at hindi magmamana bagkos inuupahan lamang)).

Paano ba ito! Katotohanan sinabi ng Allah-Ang Kataas-taasan-: ((at sila na nangangalaga sa kanilang mga maseselang bahagi ng katawan (mula sa pangangalunya) maliban sa kanilang mga asawa o yaong angkin ng kanilang kanang kamay (alipin o bihag na babae) sapagkat katiyakang sila ay hindi susumbatan. Datapuwat, sinumang maghanap nang higit pa rito, sila ay lumalabag sa hangganan ng kautusan<sup>66</sup>)). Malinaw sa talata na ang pinapahintulutan lamang ay asawa at pag-aangkin (babaeng alipin o pag-aaring bihag) at ipinagbawal ang higit pa rito at ang babaeng nagsasagawa ng Mut'ah ay masamang babae (nangangalunya-prosti), hindi siya asawa, hindi nabibigyan ng mana at hindi nadidiborsiyo, kung ganun siya ay nagsasagawa ng pangangalunya- tayo ay magpapakupkop sa Allah-.

Sinasabi ng kagalang-galang na Shiekh Abdullah bin Jibreen: ((At ginawang batayan ng mga rafidah sa pagpapahintulot ng Mut'ah ang talata mula sa kabanata ng An-Nisa, ang sinabi ng Allah:((Gayundin, (ipinagbababwal) ang babaeng may asawa na, maliban sa angkin ng inyong kanang kamay, (ito ang) pag-uutos ng Allah sa inyo. Ang lahat ng iba pa maliban (sa pinagbawal) dito ay marapat sa inyo, kung sila ay inyong hinanap nang may layuning

---

<sup>66</sup> Kabanata: Al-muminun (5:7)

pagpapakasal at ginawaran ng mah'r (dote) mula sa inyong kayamanan, naghahangad ng kalinisan at hindi kahalayan (pakikiapid). Kaya't sila na inyong napangasawa at nakapiling sa pagtatamasa ng kaligayahan sa pakikipagtalik, gawaran sila ng takdang mah'r (dote) bilang isang katungkulan. At walang kamalian sa inyo kung anuman ang inyong napagkasunduan na lagpas sa katungkulan)).<sup>67</sup>

At ang sagot ay:" katotohanan ang mga talata tungkol sa pag-aasawa mula sa sinabi ng Allah: ((Kayo ay pinagbawalang manahin (ariin) ang mga kababaihan)).<sup>68</sup> Hanggang sa talatang : ((datapuwat kung inyong ninanais na palitan ng iba ang inyong kabiyak na babae...)) at hanggang (( at huwag ninyong pangasawahin ang babae na napangasawa (noon) ng inyong mga ama)) at hanggang (( ipinagbawal sa inyo (na asawahin) ang inyong mga ina)) at pagkatapos isa-isahing banggitin ang mga bawal asawahin dahil sa pagkakamag-anak,at may dahilan ay kanyang sinabi: ((Ang lahat iba pa maliban (sa ipinagbabawal dito ay marapat sa inyo))!nangangahulugang ipinahintulot sa inyo ang pag-aasawa ng nalalabing kababaihan (maliban sa mga nabanggit), kaya't kapag inasawa ninyo sila para ang kabutihan ay matamasa na siyang pinahintulutang pagtatalik ay handugan ninyo sila ng kanilang mga dote na inyong

---

<sup>67</sup> Kabanat An-Nissa; 24

<sup>68</sup> Kabanata An-Nissa: 19



handog para sa kanila at kapag hindi na nila ito kunin ang anumang (mula sa dote) nang bukal sa kalooban ay wala kayong sala (pananagutan) dito. Ganito ipinaliwanag ng karamihan sa Sahabah ang talatang ito at ang sinumang pagkatapos nila<sup>69</sup>)).

At ito si Shiekh ng pangkat At-Tusi sa kanyang aklat na (Tahdhebul Ahkam) minamasama ang pag-aasawa ng Mut'ah at sinisiraan, kanyang sinabi: ((kapag ang babae ay mula sa marangal na angkan, katotohanan hindi siya maaaring asawahin sa pamamagitan Mut'ah dahil sa kahihiyang darating sa kanyang pamilya at darating dito na kasiraang-puri<sup>70</sup>)).

Bagkus humantong ang pangyayaring ito sa mga Rafidah ng pagpapahintulot ng pagtatalik sa babae sa kanyang puwit, nasasaad sa aklat na (Al-Istibsar)ulat mula kay Ali bin Al-

---

<sup>69</sup> Mula sa salaysay ni Shiekh Ibn Jibreen-iyang nawa ng Allah ang kanyang antas- at ang katibayan ay mula sa Sunnah sa pagbabawal ng Mut'ah ay ang hadeeth ni Ar-Rabie bin Sabrah Al-Juhani katotohanan ang kanyang ama ay ikinuwento sa kanya na tunay na siya'y kasama noon ng Sugo ng Allah (SAW) kanyang sinabi: ((O mga Tao katotohanan noon ay aking pinahintulutan sa inyo ang pagsasagawa ng Mut'ah sa mga kababaihan, at katotohanan ang Allah ay ipinagbawal ito hanggang sa araw ng paghuhukom kaya't sinuman ang nagsasagawa pa nito ay bigyan ito ng daan (iwan at kumalas mula dito) at huwag kayong kumuha mula sa anumang inyong inihandog sa kanila ng anu pa man)). Isinalaysay ni Muslim (1406)

<sup>70</sup> Tahdhebul Ahkam ni At-Tusi (Pahina:7/227)

Hakam kanyang sinabi; ((narinig ko si Safwan na nagsasabi:" sinabi ko kay Ar-Rida:"katotohanan, isang lalaki mula sa iyong mga katulong ay inatasan akong itanong sa iyo ang tungkol sa isang usapin ngunit siya'y nangamba sa iyo at nahiya ng magtanong sa iyo, sinabi niya:"Ano iyon? Sinabi niya:" maaari bang galawin ng lalaki ang kanyang kabiyak sa puwit? Kanyang sinabi:"Oo, pwede sa kanya<sup>71</sup>)).

\*\*\*

#### ANO ANG DOKTRINA NG RAFIDA TUNGKOL SA AN-NAJ'F AT KARBALA? AT ANO ANG KAHIGTAN NG PAGDALAW DITO SA KANILA?

Tunay na itinuring ng mga Shia ang mga inaakala o tunay na puntod ng kanilang mga Imam bilang sagrado at banal, ang Kufa ay sagrado, ang karbala ay sagrado, ang Qum ay sagrado at inuulat nila mula kay As-Sadiq na katotohanan mayroong sagradong lugar ang Allah ito ay ang makkah, mayroong sagradong lugar ang kanyang Sugo ito ay ang Madinah, mayroong sagrado para sa pinuno ng mga mananampalataya ito ay ang Kufa at mayroong sagrado para sa atin ito ay ang Qum.

---

<sup>71</sup> Al-Istibsar ni At-Tusi (3/243)

Ang karbala ay mas mahalaga sa kanila kaysa Ka'abah, nakasulat sa aklat na (Biharul anwar) ulat mula kay Abu Abdullah sinabi niya: ((Katotohanan ipinahayag ng Allah sa ka'abah ang:" kung hindi lang dahil sa sinumang napapaloob ng lupa ng Karbala ay hindi kita nilikha at hindi ko nilikha ang bahay na aking ipinagmalaki, kaya manatili ka at maging matatag at maging mapagkumbabang buntot, isang mababa, hamak na hindi nagmamalaki at nagmamataas sa lupa ng Karbala kundi Ako'y magagalit sa iyo at ihulog kita sa apoy ng impiyerno)).

Bagkos ginawa ng mga Rafida ang pagdalaw sa puntod ni Hussien sa Karbala na mas higit kaysa pagsasagawa ng pang-limang haligi, ang pagsasagawa ng Hajj sa sagradong bahay ng Allah (sa Makkah)!! Tunay na binanggit ni Al-Majlisi sa kanyang aklat na (Biharul Anwar) mula kay Basheer Ad-Dahhan kanyang sinabi: ((sinabi ko kay Abu Abdullah (AS): Baka sakaling hindi ako makapag-hajj ngunit nalalaman ko ang puntod ni Hussien? kanyang sinabi: Magaling, O Basheer sinumang mananampalataya na dumating sa puntod ni Hussien na alam niya ang kanyang karapatan maliban sa araw ng eid, itatala para sa kanya ang tanggap na dalawampung hajj at dalawampung Umrah at dalawampung labanan kasama ang Propetang isinugo o tuwid na pinuno, at sinuman puntahan ito sa araw ng Arafah na alam ang karapatan nito, itatala para sa kanya ang tanggap na isang libung hajj at isang libung umrah at isang

libung labanan kasama ang Propetang isinugo o tuwid na pinuno)).

At sa Al-Masdar mismo binanggit nila na katotohanan ang mga dumadalaw kay Hussien sa Karbala ay mga dalisay, at ang mga nasa Arafah sa araw ng arafah ay anak sa pangangalunya- tayo ay magpakupkop sa Allah-!! (( ulat mula kay Ali bin Asbat na iniuugnay niya kay Abu Abdullah (AS) kanyang sinabi: Katotohanan! Ang Allah- Ang Kataas-taasan- ay magsisimulang tingnan ang mga panauhin ng puntod ni Hussien gabi ng arafah, sinabi niya: aking sinabi: bago niya titingnan ang mga nasa arafah? Sinabi niya: Oo, aking sinabi:"Paano iyon?sinabi niya:" sapagkat mayroon sa kanila (taga Arafah) ang mga anak sa pangangalunya at wala sa kanila (taga karbala) ang mga anak sa pangangalunya<sup>72</sup>)).

Datapuwa't haigit na pinahahalagahan ng kanilang pantas na si Ali As-Sistani sa kanyang aklat na (Minhajus Saliheen) ang pagdarasal sa mga tagpuan ng mga Imam kaysa pagdarasal sa mga Moske (masjid)!!

Kanyang sinabi sa usapin bilang : (562):"kanais-nais magdarasal sa mga tagpuan (kinaroroonan) ng mga Imam bagkus ito'y higit na mahalaga kaysa pagdarasal sa mga Moske at tunay na naiulat na katotohanan ang pagdarasal sa

---

<sup>72</sup> Biharul Anwar ni Al-Majlisi (pahina: 85-98)

kinaroroonan ni Ali bin Abi talib-sumakanya ang kapayapaan- ay nakakahigit ng dalawang daan libo<sup>73</sup>.

Bagkus umabot ang pagmamalabis ng kanilang pantas na si Abbas Al-Kashani sa kanyang aklat na (masabeeh Al-Jinan) sa labis na pagdakila sa karbala, kanyang sinabi: ((kaya't walang pag-aalinlangan na katotohanan ang lupa ng karbala ay siyang pinakabanal na lugar ng Islam at tunay napinagkalooban –ayon sa tekstong naiulat-ng pinakamarami kaysa anumang ipinagkaloob sa anumang lupa o lugar, ito ay sagrado at pinagpalang lupa ng Allah, at lupa ng Allah na masunurin, mapagkumbaba at piling lupa ng Allah, banal, mapayapa at pinagpala, ginawa ito ng Allah na sagrado at ang kanyang Sugo, simboryo ng Islam at kabilang sa mga lugar na naiibigan ng Allah na siya ay sambahin at tawagin dit, at ito rin ang lupa ng Allah na mayroong lunas ang luwad nito. Kaya't ang mga kabutihang ito at mga katulad nito na natipon sa Karbala ay hindi natipon sa anumang lugar mula sa mga lugar ng mundo kahit Makkah<sup>74</sup>.

Nakasaad sa aklat na (Al-Mizar) ni Muhammad An-Nu'man na tinatawag na Shiekh Al-Mufid tungkol sa kahigitan ng Moske sa Kufa:"Ulat mula kay Abu Jaafar Al-Baqir kanyang sinabi: ((Kung alam lang ng mga tao kung

---

<sup>73</sup> Minhajus Saliheen ni As-Sitani (Pahina: 360)

<sup>74</sup> Masabeeh Al-Jinan ni Abbas Al-Kashani (Pahina: 360)

ano ang mayroon sa moske ng Kufa ay paghandaan nila ito ng baon at mga sasakyan mula sa malayong lugar, Katotohanan ang Pagdarasal ng obligado (dito) ay katumbas ng isang hajj at ang kusang-loob na pagdarasal (sunnah) ay katumbas ng isang Umrah<sup>75</sup>)).

At nakasulat mismo sa Al-Masdar sa kabanata (Al-Qawl indal Wuquf alal Jadath) ito ang pagturo ng panauhin ni Hussien ng kanang kamay at sasabihin ang mahabang panalangin, kabilang dito ay: ((At ako ay papunta sa iyo bilang panauhin, na nagsasaliksik ng tatag paa sa paglikas tungo sa iyo at tunay kong napagtanto na katotohanan ang Allah-Kapuri-puri- dahil sa inyo ay pinagaan ang pagkabalisa at sa pamamagitan ninyo ibinababa ang habag, dahil sa inyo hinahadlangan ng Allah ang lupa (mundo) upang hindi gumuho ang mga haligi nito, at dahil sa inyo pinapatatag ng Allah ang mga bundok sa kinalalagyan nito, tunay na ako ay nanalangin sa aking panginoon sa pamamagitan mo O aking pinuno sa pagkakaloob ng aking pangangailangan at kapatawaran ng aking mga kasalanan<sup>76</sup>)).

Tingan mo aking kapatid na mambabasa kung paano nasasadlak sila sa Shirk (pagtatambal sa kaisahan ng Allah) dahil sa kanilang panalangin maliban sa Allah para sa pagkakaloob ng mga pangangailangan at paghiling ng

---

<sup>75</sup> Kitab Al-Mizar ni Shiekh Al-Mufid (Pahina:20)

<sup>76</sup> Kitab Al-Mizar ni Shiekh Al-Mufid (Pahina: 99)

kapatawaran sa mga kasalanan mula sa mga tao, paano ito nangyayari, datapuwa't sinabi ng Allah- Ang Kataas-taasan-: ((At sino pa ba kaya ang magpapatawad ng mga kasalanan maliban sa Allah)).[Al-Imran:135], magpakupkop tayo sa Allah mula sa Shirk.

\*\*\*

#### ANO ANG MGA PAGKAKAIBA SA PAGITAN NG SHIA RAFIDAH AT AHLUS SUNNAH

Sinabi ni Nidhamuddin Muhammad Al-A'dhami sa panimula ng aklat na (Ang Shia at ang Mut'ah): ((Katotohanan ang pagkakaiba sa pagitan natin at nila ay hindi lamang nakatuon sa sangay na pagkakaiba ng pambabatas gaya ng usapin tungkol sa Mut'ah...Hindi,! Katotohanan ang tunay na pagkakaiba ay pagkakaiba sa mga paninindigan (paniniwala), Oo, pagkakaiba sa doktrina na nakatuon sa mga sumusunod na mga punto:

1- Ang mga Rafidah ay nagsasabing katotohanan ang Qur'an ay binago at kulang at tayo ay nagsasabi: "Katotohanan ang Qur'an ay salita ng Allah kumpleto at hindi kulang, hindi at kailanman ay hindi papasukan ng pagbabago, pagbabawas at pagpapalit hanggang sa (araw na pagkagunaw ng mundo) babawiin na ng Allah ang lupa at anumang napapaloob dito tulad ng sinabi ng Allah: ((Katotohanan kami ang nagpanaog ng Dhik'r (Qur'an) at tiyak na ito ay aming pangangalagaan)). [Al-Hij'r:9].

2- Ang mga Rafidah ay nagsasabing katotohanan ang mga kasamahan ng Sugo ng Allah (SAW) maliban sa iilan ay tumalikod sa Islam pagkatapos ng pagkamatay ng Sugo ng Allah at sila'y tumalilis at sinira nila ang tiwala at pananampalataya lalung-lalo na ang tatlong mga Khalifa: "As-Siddiq, Al-faruq at Dhun Nurain (Uthman). At dahil diyan sila para sa mga Shia ay pinakamatindi ang kawalan ng pananampalataya at ating sinasabi: "Katotohanan ang mga kasamahan ng Sugo ng Allah (SAW) , sila ang pinakamainam sa mga tao pagkatapos ng mga Propeta – sumakanilang lahat nawa ang kapayapaan ng Allah - at silang lahat ang tunya na makatarungan, hindi nila sinasadya ang pagsisinungaling laban sa kanilang Propeta, mapagkatiwalaan sa kanilang pag-uulat.

3- Ang mga Rafidah ay nagsasabi: Katotohanan ang mga Imam (Imam ng Rafidah) na labindalawa ay hindi



nagkakamali (hindi nagkakasala), nababatid nila ang lingid at nalalaman nila ang lahat ng karunungan na siyang lumabas sa mga Anghel, Propeta at mga Sugo at tunay na sila ay nakababatid ng tungkol sa nakalipas at anumang hindi pa nangyayari, hindi lingid sa kanila ang anumang bagay at katotohanan alam nila ang lahat ng mga wika sa buong mundo at katotohanan ang lahat lupa ay para lamang sa kanila.

At ating sinasabi: "Katotohanan sila ay mga tao tulad ng lahat ng tao, walang pagkakaiba sa pagitan nila at mayroon sa kanila ang mga pantas, mga marurunong at mga pinuno, hindi natin inuugnay sa kanila ang anumang hindi nila inaangkin para sa kanilang mga sarili, bagkos, ipinagbawal at itinakwil nila ito<sup>77</sup>".

\*\*\*

---

<sup>77</sup> Panimula ni Naddhamuddin Muhammad Al-A'dhami sa aklat na As-Shia wal Mut'ah (pahina:6)

ANO ANG DOKTRINA NG MGA RAFIDAH SA  
ARAW NG ASHURA  
(IKA-SAMPO NG MUHARRAM)? AT ANO ANG  
KAHALAGAHAN NITO SA KANILA?

Katotohanan ang mga Rafidah ay nagsasagawa ng mga pagdiriwang, kainan, hiyawan at nagtitipun-tipon sa mga kalye at mga pangkalahatang tagpuan, nagsusuot sila ng mga itim na kasuotan bilang pagluluksa sa pagkamatay (pagkamartir) ni Hussien-kalugdan nawa siya ng Allah- sa pamamagitan ng pagpapahalaga sa huling sampung araw ng Muharram taon-taon, sa kanilang paniwala, na ito ay pinakamataas na (uri ng) pagpapalapit (sa Allah), kaya pinapalo nila ang kanilang mga pisngi (mukha) sa kanilang

mga kamay, pinapalo nila ang kanilang mga dibdib at likod, pinupunit nila ang mga bulsa, sila ay umiiyak at naghiiyawan na isinisigaw ang:" O Hussien, O Hussien, lalung-lalo na kapag araw ng ika-sampo ng bawat Muharram, bagkus, katotohanan, pinapalo nila mismo ang mga sarili sa pamamagitan ng mga kadena (mga tanikala) at espada katulad ng nangyayari sa mga bansang tinitirahan ng mga Rafidah gaya halimbawa ng Iran.

At ang kanilang mga pantas ay hinihikayat sila sa ganitong mga kalokohan na siyang nagiging dahilan ng kanilang pagiging katawa-tawa sa mga bansa, tinanong ang isa sa kanilang pantas na kanilang sinasanggunian at siya si Muhammad Hassan Al-Kashif Al-Gita tungkol sa ginagawa ng mga tagasunod ng kaniyang pangkat na pagpalo at sampal...sinabi niya: katotohanan ito ay kabilang sa pagdakila sa mga tanda ng Allah: ((at ang sinumang magparangal sa mga tanda ng Allah, kung gayon, ito ay katotohanan nanggagaling sa (dalisay na) pananampalataya ng puso))[Al-Haj:32]<sup>78</sup>.

---

<sup>78</sup> Ang mga kalokohang ito ay isinasagawa nila taon-taon sa kabila ng katotohanan na ang Propeta (SAW) ay ipinagbawal ayon sa tamang Hadith na isinalaysay ni Muslim bilang (103) patungkol sa pagpalo ng mga mukha at pagpunit ng mga bulsa...ngunit ang mga Rafidah-hamakin nawa sila ng Allah- ay ipanapalo lamang ang Hadith (salaysay) ng Sugo (SAW) sa pader sapagkat sila na ang

\*\*\*

#### ANO ANG DOKTRINA NG RAFIDA SA BAI'AH?

Itinuturing ng mga rafida ang lahat ng pamahalaan na maliban sa pamahalaan ng Ithna Ashariyah ay huwad, nakasulat sa (Al-Kafi bi Sharh Al-Mazindrani) at (Al-Gaybah) ni An-Nuomani mula kay Abu Jaafar kanyang sinabi: (( lahat ng bandila na itataas bago ang bandila ng Al-Qaim (Al-Mahdi ng Rafida) ay ang may-ari nito ay salot)). At hindi maaari ang pagsunod sa pinuno na hindi mula sa Allah maliban sa paraan ng taqiyah (pagkukubli ng katotohanan) at ang tiwaling Imam na hindi makatarungan, na hindi dapat sa pagiging Imam at mga katulad nito na mga

---

pinakasinungaling sa lahat ng mga pangkat laban sa Sugo ng Allah (SAW)

katangian, lahat ng ito ay itinatawag nila sa mga pinuno ng mga Muslim na hindi sakop ng kanilang mga Imam at ang ulo ng mga pinuno na yaon ay ang mga ginabayang Khalifah- kalugdan nawa sila ng Allah- sina Abu Bak'r, Umar at Uthman.

Sinabi ng Rafidi na si Al-Majlisi na siya'y isa sa nanliligaw sa kanila na may akda ng (Biharul anwar) mula sa tatlong ginabayang khalifah: ((Katotohanan! Sila ay mang-aagaw, hindi makatarungan, tumalikod sa pananampalataya, ang sumpa ng Allah ay mapasa kanila at sa sinumang sumunod sa kanila sa pang-aapi sa Ahlul Bayt mula sa mga nauna at nahuli)).

Ito ang sinasabi ng kanilang imam na si Al-majlisi na itinuturing ang kanyang aklat na isa sa pinakamahalagang pangunahing aklat sa kanila tungkol sa hadith na tumutukoy sa pinakamainam sa ummah pagkatapos ng Sugo ng Allah at kanyang mga Propeta.

Batay sa kanilang paninindigan sa mga khalifah (pinuno) ng mga muslim ay itinuring nila ang lahat ng nakikipagtulungan sa kanila (mga pinuno ng mga muslim) na isang taghoot (salot, masama) at hindi makatarungan, naiulat ni Al-Kulaini mula kay Umar bin Handhala kaniyang sinabi: ((Tinanong ko si Abu Abdullah tungkol sa dalawang lalaki mula sa aming kasamahan na may namamagitan sa kanilang hindi pagkakaunawaan sa relihiyon o pagmamana, sila'y nagpahukom sa Sultan o sa

hukuman: maaari ba ito? Sinabi niya: sinuman ang magpahukom sa kanila ng karapatan o huwad datapuwa't nakukuha nila'y kita na mula sa masama kahit na ito ay kanyang tiyak na karapatan sapagkita kinuha niya ito sa pamamagitan ng hukom ng taghoot)).

Sinabi ni Khomienie sa kanyang aklat na (Al-Hukumah Islamiyah) na kaniyang komentaryo sa kanilang hadith na ito: ((Ang Imam mismo ay nagbabawal sa pagsasangguni sa mga Sultan (pinuno) at kanilang mga hukom, at itinuturing ang pagsasangguni sa kanila na isang pagsasangguni sa taghoot)).

At nakasaad sa aklat na ( At-Taqiyah fi Fiq'h Ahlul bayt) sa pang-siyam na kabanata tungkol sa taqiyah sa Jihad na isang ulat sa mga pag-aaral ng kagalang-galang na Ayatullah Al-Haj As-Shiekh Muslim Ad-Dawri sa kaniyang sanaysay sa pagtatrabaho sa hindi makatarungang sultan (pinuno), at ang tinutukoy sa Sultan na hindi makatarungan ay ang hukom na sunni, kaya't kaniyang sinabi: ((Katotohanan ang pagpasok sa pagtatrabahao sa mga sultan ay may tatlong uri: minsan ang pagpasok sa trabaho ay may layuning pagpapaginhawa sa mga mananampalataya at pagtaguyod sa mga nakakabuti sa kanila at pagtugon sa kanilang mga pangangailangan, ang hatol sa ganitong pagtatrabaho ay kanais-nais na siyang tama mula sa mga ulat ng panghihikayat sa pagtatrabaho tulad ng nauna, at minsan ang pagpasok dito ay may layuning paghahanap-buhay at

kaluwagan sa sarili at ang hatol ng uri na ito ay ipinapahintulot ngunit hindi kanais-nais kapag nagpakabuti sa kapatid na mananampalataya at at tinulungan sa kanilang mga pangangailangan, ito ay maging kapatawaran para sa kanya, ito ang tinutukoy ng ilang ulat na nasasaad dito ang pagiging kondisyon ng pagpapakabuti sa mga mananampalataya at pagpapagaan sa kanila nang paisa-isa at minsan ay nagiging kailangan ang pagpasok (sa ganitong trabaho) sanhi ng matinding pangangailangan sa pagkain at pag-inom at ang hatol ng uri na ito ay ipinapahintulot at hindi masama)).

Aking sasabihin: tingnan mo aking kapatid na Muslim papaano nila hinahatulan ang Ahlus Sunnah na sila daw ay hindi makatarungan!! At paano nila pinahintulutan ang pagtatrabaho sa mga pinuno ng Ahlus Sunnah nang may kondisyon at ang pangunahing (kondisyon nito) ay pakinabang ng mga karaniwang Shia para lang pahintulutan ang gawaing ito, at ito ang nasasaksihan sa kanilang lahat datapuwa't ang mga Rafida ay sumusunod lamang sa mga pamahalaang rafida, at gayundin, hindi sila nagtatrabaho sa isang lugar maliban na kanilang ipinapahawak sa kanilang mga kasamahan ay sinisikap nilang itaboy ang mga Ahlus Sunnah mula sa mga trabaho na iyon upang masakop nila ang lahat ng bagay!! Protektahan nawa ng Allah ang mga Muslim sa kanilang kasamaan.

\*\*\*

ANO ANG HATOL (HUKOM) NG  
PAGPAPALAPIT SA PAGITAN NG AHLUS  
SUNNAH AT NG MGA MUSHRIK NA RAFIDA?

Aking kapatid na mambabasa, babanggitin ko lamang ang ilang sanaysay ni Dr. Nasir Al-Qaffariy sa kanyang aklat na ( Mas'ala At-Taqreeb), ito ang pangpitong sanaysay, kanyang sinabi- pangalagaan nawa ng Allah Ang Kataas-taasan- tungkol sa usaping ito: (( Paano pagpapalapitin sa sinumang sinisiraan ang Aklat ng Allah at binibigyan ito ng ibang kahulugan at inaangkin ang pagbaba ng mga Rebelasyon sa mga Imam pagkatapos ng Maluwalhating Qur'an, at pinaniniwalaan na ang Imamah<sup>79</sup> ay isang pagkapropeta, at ang mga Imam sa kanya ay tulad ng mga propeta o mas higit pa, at ipinapaliwanag ang pagsamba sa nag-iisang Allah na siyang mensahe ng mga lahat ng Sugo nang hindi nito tunay na kahulugan, at inaangkin na ito ay

---

<sup>79</sup> Ang pagiging Imam,ang tinutukoy dito ay labindalawang imam ng rafida



pagsunod sa mga Imam at ang pagtatambal sa Allah ay ang pagsunod maliban sa kanila at nagpapatang ng kawalan ng pananampalataya sa mga kasamahan ng Sugo ng Allah (SAW) at hinahatulan ng pagtalikod sa Islam ang lahat ng Sahaba (kasaman ng Propeta (SAW) ) maliban sa tatlo, apat o pito ayon sa pagkakaiba ng kanilang mga ulat at naiiba mula sa paniniwala ng pangkat ng mga Muslim sa pamamagitan ng paniniwala sa Imama, Ismah<sup>80</sup>, Taqiyah at nagsasabi ng muling pagbabalik, al-Gaybah at Al-Bada').

\*\*\*

---

